# PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN

**TAUNANG ULAT PARA SA 2022**

*ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*





# Mga Nilalaman


3 Isang Mensahe mula sa Unang Panguluhan

4 Buod ng mga Pagsisikap

**PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN**

8 Ang Ating Pangakong Magbigay

10 Mga Missionary na Naglilingkod sa mga Miyembro ng Simbahan at sa Komunidad

12 Pag-aalok ng Kanlungan

14 Mga Bata at Kabataang Kumikilos

**JUSTSERVE**

16 JustServe (Maglingkod Lamang) Kung Nasaan Kayo

18 Pagtutulungan ng Iba't Ibang Relihiyon

**PANDAIGDIGANG TULONG**

20 Mga Pandaigdigang Inisyatibo

22 Africa at ang Middle East

24 Asia, Australia, at ang Pacific Islands

26 Europe

28 North America

30 South America, Central America, at ang Caribbean

**PAGKAKAROON NG PAG-ASA SA SARILI**

34 Pangangasiwa sa Kapaligiran

35 Mga Programa sa Edukasyon

36 Produksyon at Pamamahagi ng Pagkain

38 Family Services

39 Mga Kurso sa Self-Reliance

40 Employment Services at Deseret Industries

42 Transitional Services

**ANO ANG MAGAGAWA KO?**

44 Paglilingkod sa Inyong Komunidad

46 Resources para Malaman ang Iba Pa

**MGA REPERENSYA**


***Larawan sa Pabalat—ShelterBox:*** *Nakaupo si Susan sa kanyang tahanan sa Vanuatu na may hawak na mga kagamitan at handang maglingkod sa kanyang komunidad pagkaraang tamaan ng bagyo ang kanilang mga tahanan.*



***Itaas:*** *Si Pangulong Russell M. Nelson kasama ang dalawa niyang tagapayo, sina Dallin H. Oaks at Henry B. Eyring.*

## MAHAL NA MGA KAIBIGAN,

*Si Jesucristo ang perpektong halimbawa ng pangangalaga sa mga nangangailangan. Bilang Kanyang mga alagad, hinahangad nating mahalin ang Diyos at ang ating kapwa sa buong mundo. Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay sabik na pagpalain ang iba at tulungan ang mga nangangailangan. Mapalad tayong magkaroon ng kakayahan, resources, at mapagkakatiwalaang mga koneksyon sa buong mundo para maisakatuparan ang sagradong responsibilidad na ito, na itinuturing nating isang masayang pribilehiyo.*

*Kapag minamahal natin ang Diyos nang buong puso, ibinabaling Niya ang ating puso sa kapakanan ng iba sa isang maganda at banal na siklo. Ang ating mundo ay puno ng mga hamon ng alitan, pagkagutom, sakit, kalamidad, kahirapan, mga pandemya, at mga pagkakaiba sa mga pangunahing pangangailangan ng tao. Anuman ang mangyari, sumasampalataya at nagtitiwala tayo sa kabutihan ng mga tao.*

*Nasisiyahan kaming ibahagi ang taunang ulat na ito tungkol sa gawain nating pangalagaan ang mga anak ng Diyos. Buong pasasalamat naming kinikilala ang di-makasariling paglilingkod at donasyong oras, pondo, at iba pang resources ng mga miyembro at kaibigan ng Simbahan habang sama-sama nating pinangangalagaan ang iba.*

*Habang patuloy nating minamahal at pinalalakas ang isa't isa sa pamamagitan ng paglilingkod, inaanyayahan namin ang lahat na makiisa sa amin sa mahalagang gawaing ito.*

*Ang Unang Panguluhan*

Russell M. Nelson
Dallin H. Oaks
Henry B. Eyring

"Magagabayan tayo ng dalawang dakilang utos: una, mahalin ang Diyos at, pangalawa, mahalin ang ating kapwa. Ipinapakita natin ang ating pagmamahal sa pamamagitan ng paglilingkod."

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON, PANGULO NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**3,692**

**MGA HUMANITARIAN PROJECT NOONG 2022**

**$1.02 bilyon**

**ANG NAGASTOS**

**6,300,000**

**ORAS NA IBINOLUNTARYO**

**190**

**MGA BANSA AT TERITORYONG PINAGLINGKURAN**



# $1.02 bilyon

*ang ginugol para tulungan ang mga nangangailangan:*

## Mga Serbisyong Ibinigay Lalo na sa mga Miyembro ng Simbahan

- **TULONG MULA SA MGA HANDOG-AYUNO,** na nagbibigay ng pansamantalang tulong-pinansyal sa mga nangangailangan.
- **MGA ORDER NG MGA BISHOP PARA SA MGA PRODUKTO,** kabilang na ang pagbibigay ng pagkain at mga kalakal sa mga nangangailangan na nagmula sa mga bishops' storehouse at sa mga Deseret Industries store.
- **MGA ORGANISASYONG PINATATAKBO NG SIMBAHAN,** kabilang na ang Family Services counseling, mga employment center, mga sakahan at pasilidad sa pagpoproseso ng pagkain, at Deseret Industries.

## Mga Serbisyong Karaniwang Ibinibigay

- **MGA HUMANITARIAN PROJECT,** kabilang na ang pagkakawanggawa sa mga komunidad sa buong mundo.
- **DONASYONG MGA PRODUKTO,** kabilang na ang mga produktong gawa ng Simbahan na ibinibigay sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga food bank at iba pang mga ahensya.
- **DONASYONG MGA DAMIT,** kabilang na ang may diskuwento o libreng damit na ibinigay sa Deseret Industries.

---

*Ang mga boluntaryo ay nag-ambag ng mahigit sa*

# 6.3 milyong oras

*ng paglilingkod sa pamamagitan ng:*

- **PAGLILINGKOD SA MGA PASILIDAD NG SIMBAHAN,** tulad ng mga sakahan, taniman, cannery, Deseret Industries store, at iba pa.
- **MGA MISYON NA PANGALAGAAN ANG MGA NANGANGAILANGAN,** kabilang na ang boluntaryong paglilingkod sa maraming bansa sa buong mundo.
- **MGA SERVICE PROJECT NA ITINATAGUYOD NG SIMBAHAN SA KOMUNIDAD,** kabilang na ang paglilinis pagkaraan ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan.

*Bukod pa riyan, pinadali ng JustServe ang mahigit 130,511 volunteer project (kabilang na ang 16,285 bagong proyekto).*

# SA ISANG SULYAP 2022

## PANGANGALAGA SA MGA NANGANGAILANGAN

*Paglilingkod ng mga Miyembro at Missionary*

**174**
Mga refugee response project

**11,030**
Mga welfare at self-reliance missionary

## JUSTSERVE

*Platform ng Paglilingkod sa Komunidad*

**69,115**
Mga bagong JustServe user na nagrehistro

**16,285**
Mga bagong JustServe project na nalikha

## WORLDWIDE AID

*Mga Inisyatibo sa Pagkakawanggawa sa Buong Mundo*

**520**
Mga food security project

**54**
Mga mobility project

**156**
Mga Proyekto para sa malinis na tubig

**42**
Mga proyekto sa pangangalaga sa mata

**45**
Mga proyekto sa pangangalaga ng mga ina

**483**
Mga emergency response project

## PAGKAKAROON NG PAG-ASA SA SARILI

*Mga Programa at Serbisyo*

**439**
Mga proyekto sa edukasyon

**106,261**
Mga kalahok sa kursong self-reliance

**525**
Mga miting sa addiction recovery bawat linggo

**9,186**
Napaglingkurang mga associate sa Deseret Industries

# Pangangalaga sa mga Nangangailangan

"Sa buong mundo, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagagalak sa pagbibigay ng aming oras, mga talento, at resources para tulungan ang mga nangangailangan—lalo na kapag hindi ito madali o komportableng gawin. Nagpapasalamat kami sa mga pagkakataong maging mas mabubuting disipulo ni Jesucristo habang ipinamumuhay namin ang Kanyang pangalawang dakilang utos."

—SISTER J. ANETTE DENNIS, FIRST COUNSELOR SA RELIEF SOCIETY GENERAL PRESIDENCY





*Naniniwala ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pagsunod sa dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas: mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa.*

*Ang ibig sabihin ng ministering ay pag-alam at pagtulong sa mga pangangailangan ng isang tao. Bukod pa sa ministering sa mga tao sa aming mga lokal na kongregasyon, mapanalangin kaming naghahanap ng mga pagkakataong paglingkuran ang mga hindi namin kasapi sa pamamagitan ng paglilingkod sa komunidad at iba pang mga proyekto.*

*Sinisikap naming tularan ang halimbawa ni Jesucristo sa pangangalaga sa mga nangangailangan—saan mang lugar, anuman ang lahi, nasyonalidad, kasarian, relihiyon, o kaugnayan sa pulitika—nang walang inaasahang kapalit.*

# Ang Ating Pangakong Magbigay

### Paglilingkod sa Loob ng Simbahan

Bilang bahagi ng ating tipan na mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa, nag-aayuno ang mga miyembro ng Simbahan nang isang araw bawat buwan at bukas-palad na ibinibigay ang halaga ng mga pagkaing hindi kinain para sa kapakinabangan ng iba pang mga miyembrong nangangailangan.

Bukod pa riyan, ibinibigay ng mga miyembro ng Simbahan ang kanilang oras, mga talento, habag, mga materyal, at pinansyal na resources. Ang mga kontribusyong ito ay bahagi ng resources sa "kamalig ng Panginoon" para tulungan ang Kanyang mga anak.

Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang pagpapakita ng pagmamahal sa iba sa pamamagitan ng pagbabahagi ng resources at paglilingkod ay isang mahalagang bahagi ng aming mga paniniwala—noon pa mang mga unang araw ng Simbahan.

Ang Relief Society ay isang organisasyon ng kababaihan na inatasang mangalaga sa mga indibiduwal at pamilyang nangangailangan. Itinatag noong 1842, ginabayan na ng organisasyon ang mga henerasyon ng mga miyembro ng Simbahan habang naglilingkod sila sa sinumang nangangailangan ng tulong. Noong 2022, ang dedikasyong ito sa pagkakawanggawa ay binigyang-pugay sa pamamagitan ng isang araw ng mga proyektong paglilingkod na isinagawa sa buong mundo, sa pagdiriwang ng ika-180 anibersaryo ng Relief Society.

Para sa mga miyembro ng Simbahan, ang paglilingkod na ito ay natural at nagagawa nang walang inaasahang pagkilala o gantimpala. Ibinuod ni Kym, isang miyembro ng Simbahan sa Germany, ang kahandaan ng mga miyembro na maglingkod, sinasabing, "Ang kamalig ng Panginoon ay ang mga taong handang ilaan ang kanilang oras, mga talento, kasanayan, o materyal na kabuhayan para tulungan ang iba … anuman ang lahi, relihiyon, o sitwasyon. Nakapagpapakumbaba na maging bahagi ng kamalig ng Panginoon."[2]






***Itaas:*** *Nagtipon ang mga kongregasyon sa lugar at nagbigay ng mga bagay na kailangan para matulungan ang mga tao sa Tonga.*

*“Ang pagkakawanggawa ng Simbahan ay isang napakagandang kaloob. Ito ay produkto ng sama-sama at inilaang mga handog ng mga Banal, na nagpapakita ng ating pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang mga anak.”*

—BISHOP L. TODD BUDGE, SECOND COUNSELOR SA PRESIDING BISHOPRIC[3]

## Paglilingkod sa Lahat

Noong nakaraang taon, nag-organisa ang mga kongregasyon ng Simbahan sa Colombia at nangalap ng mga donasyon para sa Casa Hermana Helena Foundation. Ang mga donasyong ito ay tumulong sa mga batang babaeng iniwan ng mga magulang na madama na sila ay ligtas at minamahal habang nagsisimula sila sa kanilang bagong buhay.

Sa Pacific Area, nagsama-sama ang mga Banal sa mga Huling Araw para suportahan ang kanilang mga kapitbahay matapos na maapektuhan ang Tonga ng isang lindol, isang pagputok ng kalapit na bulkan, at isang tsunami. Nakipagtulungan ang mga kongregasyon sa kanilang komunidad para magbigay at mangalap ng pagkain, damit, tubig, mga produktong pangkalinisan, at mga kagamitan para tulungan ang mga tao sa Tonga. Kabilang dito ang 300 tonelada ng mga suplay na nagmula pa lang sa Tahiti.

Nang hindi nakauwi ang napakaraming adult at bata sa Idaho sa Estados Unidos dahil sa isang matinding snowstorm, binuksan ng lokal na kongregasyon ng Simbahan ang kanilang meetinghouse. Katulong ang kanilang komunidad, namigay sila ng mainit na pagkain sa mga manlalakbay at nangalap ng mga donasyong laruan, infant formula, at iba pang mga kailangan para tumulong hanggang sa makaraan ang bagyo at muling buksan ang mga kalsada.

Noong 2022, ang mga blood donation ng mga miyembro ng Simbahan sa American Red Cross ay lumampas sa isang milyong unit, na umabot sa humigit-kumulang tatlong milyong katao. Ang katulad na mga blood drive ay inoorganisa ng mga kongregasyon sa mga lugar sa lahat ng dako ng mundo.



*Bagama't maraming miyembro ng Simbahan ang naglilingkod sa kanilang mga lokal na komunidad, pinipili ng ilan na maglaan ng mas marami pang oras sa pagkakawanggawa. Maraming binata't dalagang tumatanggap ng tungkulin bilang part-time service missionary, kung saan sila ay nag-oorganisa at lumalahok sa mga humanitarian project sa kanilang komunidad.*

*Ang mga mag-asawa ay maaaring piliing maglingkod bilang mga full-time welfare at self-reliance missionary. Ang mga mag-asawang ito ay naglalaan ng kanilang oras sa pangangasiwa ng mga humanitarian project sa lugar na nakatalaga sa kanila.*

*Ang mga full-time proselytizing missionary ay nakikilahok sa mga proyektong paglilingkod bilang bahagi ng kanilang ministeryo—na hiwalay sa kanilang gawaing magturo tungkol sa Tagapagligtas. Tumutulong ang mga missionary na ito sa mga inisyatibo sa pagtugon sa mga emergency kapag nagkaroon.*

# Mga Missionary na Naglilingkod sa mga Miyembro ng Simbahan at sa Komunidad

### Mga Inisyatibo sa Paglilingkod

Daan-daang missionary sa buong mundo ang naglalaan ng ilang buwan ng kanilang buhay para tumulong na maisagawa ang gawaing pangalagaan ang mga nangangailangan.

Ang ilan, tulad ng mga Thomas, ay tumutulong sa mga operasyong tulad ng Employment Services na tumutulong sa mga miyembro ng Simbahan na umasa sa kanilang sariling kakayahan. Nagbibigay sila ng interbyu sa pagtuturo, tulong sa pagsulat ng resume, at mga pagkakataong makipag-ugnayan sa mga naghahanap ng trabaho. Ang iba ay naglilingkod sa komunidad nang pangmalawakan sa pamamagitan ng pagtukoy at pangangasiwa sa mga humanitarian project sa mga lugar na nakatalaga sa kanila. Halimbawa, ikino-coordinate ni Elder Christensen ang pakikipagtulungan ng Simbahan sa Colori Vivi, isang kumpanya sa Italy na nagbibigay ng mga trabaho at pagsasanay sa pagsasastre para sa mga inang napaalis sa kanilang tahanan.

### Tulong sa Kalamidad

Ang mga missionary ay madalas tawagin upang magbigay ng tulong sa mga emergency at iba pang mga kalamidad. Sa Poland, tumulong ang mga Foote (isang humanitarian service missionary couple) na mapagaan ang mga pasanin ng iba nang mapansin nila na maraming taong pinaalis sa kanilang tahanan ang dumarating sa istasyon ng tren na buhat-buhat ang kanilang mga pag-aari sa mabibigat na shopping bag o rucksack. Para makatulong, nagsimulang mamigay ang mga Foote ng mga donasyong maletang de-gulong sa sinumang nangangailangan nito. Minsan, 60 maleta ang naipamigay sa loob lang ng isang araw.



***Itaas:*** *Naglilingkod ang dalawang missionary sa mga tao sa Ghana, West Africa.*




***Itaas:*** *Tumutulong ang mga missionary na maghanda ng pagkain sa isang proyektong paglilingkod sa Hong Kong.*

*"Ngayon ang panahon para mapagpala natin ang iba at '[mai]taas ang mga kamay na nakababa.'"*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON[5]

Nagmaneho nang anim na oras ang mga missionary mula Canada hanggang sa isang munting bayan sa Minnesota sa Estados Unidos para i-coordinate ang mga pagtulong kasunod ng ilang baha. Sa loob ng isang buwan, nagtrabaho ang mga missionary at iba pang mga boluntaryo mula sa rehiyon nang 12 hanggang 14 na oras sa isang araw sa paglalagay ng mga sandbag sa paligid ng mga bahay at negosyo sa mga apektadong lugar.

Ang mga halimbawang ito ng paglilingkod ay ilan lamang sa maraming isinasagawa ng mga missionary taun-taon. Ang gayong maliliit na gawain ay naiipon para mapagaan ang mga pasanin at maibalik ang pag-asa.

"Nakakapagod ang gawaing ito, sa pisikal at emosyonal," sabi ni Sister Foote. "Pero makikita mo ang kislap sa kanilang mga mata na may panibagong pag-asa. Nakikita namin na napagaan namin ang pasanin ng iba. Sulit na sulit ang lahat ng ito."[4]

## Paglilingkod sa Komunidad

Hinihikayat ang mga missionary na gumugol ng 4–40 oras kada linggo sa paglilingkod sa komunidad. Halimbawa, nagboluntaryo ang mga missionary sa Ecuador ng kanilang oras at mga pagsisikap para linisin ang mga basura mula sa isang abandonadong lote nang sa gayon ay makatulong sila sa pagtatayo ng isang kapilyang Katoliko. Kapag natapos na ito, plano ng mga missionary na magbigay roon ng mga libreng English class linggu-linggo para sa lokal na komunidad.



*Ang kalagayan ng mga taong napaalis sa kanilang tahanan ay malapit sa puso namin. Nagsisikap kaming sundin ang tagubilin ni Cristo na tanggapin ang estranghero—kapwa sa pamamagitan ng mga proyektong tulong at ng paglilingkod at habag ng ating mga miyembro.*

*Sa simula ng ating kasaysayan, paulit-ulit na pinaalis ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang tahanan dahil sa kawalan ng kalayaan sa relihiyon. Ang "pamanang ito sa mga refugee" ang isa pang dahilan kaya maraming miyembro ng Simbahan ngayon ang nadaramang maglaan ng anumang tulong na maibibigay nila sa mga taong naghahanap ng kanlungan.*

# Pag-aalok ng Kanlungan

**NOONG 2022,** nakita ng mundo ang biglang pagtaas ng bilang ng mga taong pinaalis sa kanilang tahanan dahil sa mga kalamidad na dulot ng kalikasan at armadong kaguluhan. Bukod pa sa mahahalagang donasyong pinansyal sa mga refugee assistance program, nakipagtulungan ang mga miyembro ng Simbahan sa kanilang mga komunidad para suportahan ang mga taong pinaalis sa kanilang tahanan. "Ang pagmamahal at hangaring tumulong ay kahanga-hangang makita," sabi ni Julia, isang miyembro ng Simbahan sa Austria. "Ang puso ng mga tao ay napapalapit sa isa't isa."[6]

## Lokal na Tulong

Sa iba't ibang bahagi ng mundo, nagboluntaryo ang mga Banal sa mga Huling Araw sa mga local shelter at nakipagtulungan sa iba sa kanilang komunidad para magbigay, mangalap, mag-ayos, mag-empake, at maghatid ng lubhang kinakailangang mga pagkain, damit, gamit pangkalinisan, medical supply, at iba pang mahahalagang bagay. Ang mga donasyong ito ay nakatulong sa mga taong nawalan ng tahanan kasunod ng digmaan sa Europa at Africa, mga lindol at bagyo sa Caribbean at Pacific, pagbaha sa Asia at sa Middle East, at marami pang iba. Sa Canada, naging punong-abala ang mga miyembro ng Simbahan sa isang tradisyonal na Ukrainian dinner para sa komunidad, na nakakalap ng pondo para sa mga pagsisikap na tulungan ang mga refugee.

## Emosyonal na Tulong

Ang emosyonal na tulong, na kilala rin bilang psychological first aid, ay isang kritikal na suporta para sa mga taong nakaranas ng krisis. Noong 2022, si Antonio, isang miyembro ng Simbahan sa Portugal, ay naglilingkod sa kanyang lokal na refugee reception center. Bilang bahagi ng kanyang paglilingkod, tumanggap ng training sa psychological first aid si Antonio. Tinuruan si Antonio sa training na iyon kung paano magpakita ng habag at makipag-ugnayan sa mga taong pinaglilingkuran niya. Nang makinig siya sa iba na nagpahayag ng kanilang damdamin, nadama niya na handa siyang makiramay, magbigay ng pag-asa, at magmungkahi ng mga estratehiya para makaraos.




***Itaas:*** *Habang naglilingkod bilang Huddersfield England Stake Relief Society president, nagboluntaryo si Alison Boome (gitna) na tumulong sa mga pamilyang nawalan ng tirahan sa Dunkirk, France, noong 2016. Larawan sa kagandahang-loob ng Huddersfield England Stake, sa kagandahang-loob ng Church News.*



***Itaas:*** *Isang pamilyang Ukrainian na nakatagpo ng kanlungan sa ibang bansa sa Europa.*

*"Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isa sa pinaka-pinagkakatiwalaan at pinakamatagal na mga partner ng USA for UNHCR. Magkasama naming ipinanunumbalik ang pag-asa, kaligtasan, at dignidad sa mahigit 100 milyong indibiduwal na sapilitang pinaalis sa kanilang tahanan dahil sa pag-uusig, digmaan, o karahasan."*

—LACEY STONE, DIRECTOR OF PARTNERSHIPS, USA FOR UNHCR

### Tugon ng mga Taga-Europa

Kasunod ng pagsisimula ng armadong labanan sa Ukraine, ipinakita ng mga miyembro ng Simbahan sa Europa ang kanilang katapatan sa paglilingkod ang iba. Nag-organisa sila ng libu-libong kama—na ang marami ay nasa loob ng kanilang sariling tahanan—para sa mga nawalan ng tirahan dahil sa digmaan. Nakipagtulungan nang malapitan ang Simbahan sa mga refugee assistance organization tulad ng United Nations High Commissioner for Refugees (UNHCR) at Jesuit Refugee Services para ikonekta ang mga indibiduwal na nawalan ng tirahan sa mga serbisyo para matugunan ang kanilang mga agarang pangangailangan. Sa Europa, nakahingi ng tulong ang mga bagong dating na Ukrainian sa mga lokal na ahensya ng pamahalaan, salamat sa mga miyembro ng Simbahan na marunong magsalita ng kanilang wika.

Nakilahok din ang mga missionary sa pagbibigay ng tulong sa mga taong nawalan ng tirahan sa buong mundo. Nagboluntaryo ang mga missionary sa mga reception center sa Poland, Hungary, at Romania, sa pag-aalok ng tulong sa wika, paglilinis ng mga pasilidad, pagsisilbi ng pagkain, at pag-aayos ng mga donasyon. Sa Germany, nagpadala ng mga missionary sa mga istasyon ng tren, kung saan nagdala sila ng mga karatula na nagpapakita ng mga wikang sinasalita nila at ng tulong na maibibigay nila.

"Natural ito," sabi ni Sylwia, isang miyembro ng Simbahan sa Poland. "Kapag nakakakita ka ng mga taong nangangailangan ng tulong, tumutulong ka. … Hindi mahalaga kung miyembro ka man ng Simbahan o hindi. Mahal [ng Ama sa Langit] ang lahat ng tao."[7]



# Mga Bata at Kabataang Kumikilos

*Mas konektado at alam ng mga kabataan ang nangyayari sa mundo kaysa rati, at gusto nilang tumulong. Aktibong nakikilahok ang mga bata at kabataan ng Simbahan sa paglilingkod sa loob ng kanilang komunidad sa buong mundo. Ginagabayan ng mga lider ng Simbahan ang kanilang mga lokal na grupo ng mga kabataan habang nagpaplano at nakikilahok ang mga bata at kabataan sa mga proyektong paglilingkod.*

*Hinihikayat ang mga bata at kabataan na maghanap ng mga pagkakataong maglingkod nang mag-isa sa pamamagitan ng paghingi ng inspirasyon sa panalangin. Ang mga aktibidad na ito ay nilayong tulungan ang mga bata at kabataan sa Simbahan na lumago para maging higit na katulad ng Tagapagligtas.*

*“Lahat ng anak ng Diyos ay nagkakaroon ng inspirasyong paglingkuran Siya at ang isa’t isa sa abot ng kanilang kaalaman at kakayahan.”*

—PANGULONG DALLIN H. OAKS
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan[9]

**NOONG 2022,** nag-organisa ang mga kabataan ng Simbahan sa buong mundo at nakilahok sa maraming proyekto para tulungan ang kanilang kapwa kalalakihan at kababaihan.

**SA ETHIOPIA,** 70 kabataang lalaki at babae ang gumugol ng anim na linggo sa pagtatanim ng mga puno ng prutas para mapakain ang mga taong nangangailangan sa kanilang komunidad. Sabi ni Hana, isa sa mga kabataang babaeng tumulong sa proyekto, “Tungkol ito sa Diyos, paglilingkod, at pagmamahal sa isa’t isa. Hinding-hindi ko malilimutan ang karanasang ito.”[8]

**SA ITALY,** naglakbay ang mga kabataang edad 14 hanggang 30 sa paligid ng lunsod ng Milan, na namamahagi ng mga listahan ng mga materyal na kailangan para tulungan ang mga Ukrainian refugee. Humantong ito sa donasyong pumuno ng 551 kahon ng mga bagay mula sa komunidad, na pagkatapos ay inempake at inihanda ng mga kabataan.

**SA ESTADOS UNIDOS,** nagtipon ang mga bata at kanilang pamilya para linisin ang mga sementeryo sa paligid ng Massachusetts. Tatlo sa mga batang ito ang naglinis ng mga puntod kasama ang kanilang lolo, na nagkuwento na nakatulong ang karanasang ito para mapalalim ang ugnayan niya sa kanila habang nagtatrabaho sila at nag-uusap tungkol sa kanilang mga ninuno.

**SA FIJI,** 60 kabataang lalaki at babae ng Simbahan ang naglingkod sa kanilang lokal na komunidad sa pagpipinturang muli sa Josaia Methodist Church sa nayon ng Lomanikoro. Gumugol sila ng anim na oras sa paglilinis at pagpipintura ng mga pader ng gusali, na nagsisilbing santuwaryo para sa mahigit 200 indibiduwal.



# JustServe

"Ang JustServe ay higit pa sa isang programa o isang website, ito ay isang kilusan at isang paraan para maipamuhay natin ang ating mga tipan. Maraming miyembrong nais maglingkod sa kanilang komunidad, pero maaaring hindi nila alam kung paano sila makapagsisimula. Gamit ang JustServe, makakahanap sila ng mga pagkakataong maglingkod na tugma sa kanilang mga interes at panahon. Ang JustServe ay nagbibigay ng patnubay sa mga tao at tinutulungan silang kumonekta sa mga proyektong paglilingkod na magpapala at magpapatatag sa kanilang komunidad."

—BISHOP GERALD CAUSSÉ, PRESIDING BISHOP[10]






***Itaas:*** *Inilalagay ng isang optometrist ang isang pares ng salamin sa mata pagkatapos ng isang libreng pagsusuri sa mata sa Houston, Texas.*

# JustServe [Maglingkod Lamang] Kung Nasaan Kayo

- **Mayroong JustServe sa 14 na bansa**
- **69,115 bagong user na nagrehistro noong 2022**
- **14,061 mga organisasyong kinatawan**

**BUKOD PA SA PAGLILINGKOD** na ibinibigay nila sa isa't isa, nagsisikap ang mga miyembro ng Simbahan na makilahok at isali ang iba sa paglilingkod sa kanilang komunidad. Nakikibahagi sila sa mga taong iba't iba ang pinagmulan para lutasin ang mga lokal na problema at makipagkaibigan.

Para makatulong na makamit ang mithiing ito, pinatatakbo ng Simbahan ang JustServe bilang isang online community service platform, kung saan maaaring kumonekta ang mga indibiduwal sa mga lokal na proyekto sa kanilang lugar. Sa pamamagitan ng JustServe, makakahanap ang mga boluntaryo ng kapwa personal at malayuang pagkakataong maglingkod, at makakakuha ng tulong na kailangan nila ang mga organisasyon para maisakatuparan ang kanilang mga mithiin sa paglilingkod.

Ang JustServe ay naghihikayat ng pagtutulungan at pakikibahagi sa komunidad sa mga lokal na proyekto. Ang mga indibiduwal ng lahat ng kongregasyon—o na walang kongregasyon—ay nagtutulungan, umaasa sa isa't isa, at, higit sa lahat, nagkakaroon ng pagmamahal sa isa't isa habang naglilingkod sila.

Noong 2022, 16,285 proyekto ang idinagdag sa platform, at maraming taong nagsama-sama para maisakatuparan ang dakilang gawain sa kanilang komunidad. Sa pamamagitan ng JustServe, natanggap ni James ang mahahalagang bagay na kailangan para sa New Kiskeya Christian School sa Haiti, kung saan siya naglilingkod bilang superintendent. Ginamit ng isang grupo ng mga boluntaryo sa San Bernadino, California, ang JustServe para mangalap ng mga donasyong mga aklat, microscope, modelo ng kalansay ng tao at ng solar system, at iba pa. Nadama ni James na ito ang sagot sa kanyang panalangin, dahil wala siyang ideya kung paano niya makukuha ang mga kinakailangang bagay para sa kanyang mga estudyante hanggang sa makatanggap siya ng tawag mula sa mga boluntaryo ng JustServe.

Nag-coordinate si Susan ng isang JustServe project sa kanyang komunidad ng Idaho Falls, kung saan ang mga boluntaryo (pati na ang maraming bata) ay sumulat ng mga valentine para sa mga residente ng lokal na senior living center. Nang ihatid ni Susan ang 5,050 valentine na ito, nakabuo siya ng pakikipagkaibigan kay Bonny, na napaluha nang abutan siya ng isang valentine at isang pink na rosas.

Sa Germany, nag-organisa ng isang proyekto ang mga lokal na miyembro ng Simbahan sa Frankfurt at Friedrichsdorf para sa mga Ukrainian na nawalan ng tirahan. Dalawampung kababaihan ang nagsama-sama para pinturahan ang mga muwebles sa bahay para sa Caritas Homeless Shelter sa Frankfurt, na naging punong-abala sa ilang pamilyang tumakas sa digmaan sa Ukraine. Nagpasiya silang pinturahan ang mga muwebles ng matitingkad na mga kulay para maging maaliwalas ang shelter at sumigla ang mga pamilyang nagihirap. Ang proyekto ay tumulong sa kababaihan na makabuo ng mga pakikipagkaibigan sa mga pamilya at maghatid sa kanila ng kaunting pag-asa sa panahon ng krisis.







**Kung saan mayroon, maaari kang makasali sa mga proyektong paglilingkod sa inyong komunidad sa pamamagitan ng pag-download ng JustServe app gamit ang code sa kanan.**

***Itaas:*** *Kinukumpuni ng isang lalaki ang mga bisikleta sa Hong Kong.*

### PAGKAKAROON NG KAGALAKAN SA PAMAMAGITAN NG PAGLILINGKOD

Matapos masuri na may bihirang uri ng kanser si Patti, binisita niya ang JustServe website para maghanap ng isang proyektong magagawa niya sa mahahabang pagbibiyahe niya papunta at pauwi mula sa pagpapagamot niya sa kanser. Nakakita siya sa isang proyektong pananahi ng mga punda ng unan para sa Festival of Trees—isang fundraiser para sa kapakinabangan ng mga batang pasyente sa Primary Children's Hospital sa Salt Lake City.

Habang naglilingkod si Patti, nagsimula siyang makabuo ng isang network ng mga kapwa boluntaryo na sabik na tumulong, na lalong nagpalawak ng kanyang epekto sa kabutihan. Bago siya pumanaw noong Enero 2022, nagsalita si Patti tungkol sa kagalakang naibigay sa kanya ng kanyang paglilingkod at sinabing, "Lilisan ako na may malaking kagalakan at pasasalamat."[11]



***Itaas:*** *Sa isang araw ng pamumulot ng basura ng iba't ibang relihiyon sa Portland, Oregon, nagsama-sama ang mga boluntaryo para kolektahin ang basurang nasa pagitan ng 500 at 600 libra.*

*"Sa mga panahon ng mas malaki pang paghahati sa lipunan … ang pagiging mausisa at pag-unawa sa mga pananaw o espirituwalidad ng ating mga kapitbahay ay tumutulong sa atin na maging mas mabubuting kapitbahay."*

—LEN GIERACH
Edmonton Interfaith Centre for Education and Action[12]

# Pakikipagtulungan Kasama ang Iba't Ibang Relihiyon

- **554 na proyekto kasama ang mga organisasyon ng iba't ibang relihiyon sa US/Canada**
- **225 proyekto kasama ang mga organisasyon ng iba't ibang relihiyon sa buong daigdig**

Ang **JUSTSERVE** ay nagbibigay ng oportunidad sa mga komunidad ng iba't ibang mga tao na magsama-sama at maglingkod sa isa't isa. Ang mga miyembro ng anumang relihiyon ay may pagkakataong gamitin ang platform para makilahok sa o mag-organisa ng mga proyekto.

**SA OREGON,** halimbawa, ikinonekta ng JustServe ang lokal na kongregasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ilang grupo ng mga relihiyon sa lugar—kabilang na ang Bilal Masjid Mosque. Nagkaisa ang mga grupong ito para mag-organisa ng isang araw ng pagtatapon ng basura, na tumutulong na mapaganda ang lunsod pagkatapos ng ilang pagkakataon ng bandalismo. Sama-samang nakapaglingkod at nakabuo ng mga bagong pagkakaibigan ang mga indibiduwal sa lahat ng kongregasyon na hahantong sa pagtutulungan sa hinaharap.

**SA CALIFORNIA,** anim na iba't ibang relihiyon at isang lokal na nonprofit, ang James Storehouse, ang sumama sa mga Banal sa mga Huling Araw para mangalap ng mahigit 200 damit, pati na ng mga sapatos, sweater, palda, amerikana, at makeup—bukod pa sa daan-daang maiikling sulat ng panghihikayat. Ang mga bagay na ito ay ibinigay para pakinabangan ng mga kabataang babae sa foster care, na tumitiyak na may damit sila para sa paparating na mga sayawan sa paaralan at mga interbyu sa trabaho. Naging punong-abala ang mga boluntaryo sa isang kaganapang "Beautiful You" kung saan maaaring magsanay na magpainterbyu ang mga kabataang babae at makipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad.

**AT SA UTAH,** nagsama-sama ang mga kababaihan mula sa Episcopal Church of the Resurrection, St. Olaf Catholic Church, Bountiful Community Church, at lokal na kongregasyon ng mga Banal sa mga Huling Araw para makilahok sa kanilang taunang Women of Faith Service Project. Sa loob ng 45 minuto, pinuno ng mga boluntaryo ang isang buong trak ng mga craft kit, kumot, hygiene kit, at iba pang mga bagay para sa mga miyembro ng komunidad.

# Pandaigdigang Tulong

"Ang napakahalagang pakikipagtulungan ng CARE sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay tiniyak na kaya naming patuloy na punan ang kritikal na mga pangangailangan at tugunan ang mga pangangailangan ng komunidad na may napakaraming problema sa isa pang naging napakahirap na taon. Nagpapasalamat kami sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na bukas-palad na nagbibigay ng tulong at pag-asa sa iba sa mundong ito."

—MICHELLE NUNN, CARE USA PRESIDENT AT CEO



# Mga Pandaigdigang Inisyatibo

- **Nakatapos ng mga proyekto sa 157 bansa at territoryo sa buong mundo**
- **Nakipagtulungan sa 2,629 na organisasyon noong 2022**
- **46 na pinondohang proyekto sa nutrisyon ng mga bata**
- **Pinondohan ang 6 na malalaking proyekto sa pagbabakuna sa iba't ibang bahagi ng mundo**

**NANINIWALA KAMI** na lahat ay dapat magkaroon ng access sa masustansyang pagkain, malinis na tubig, de-kalidad na edukasyon, at healthcare. Maraming solusyon sa mga isyung ito ang tinatalakay ng mga inisyatibo na dinisenyo at pinamamahalaan ng iba't ibang administratibong lugar ng Simbahan sa buong mundo. Bukod pa riyan, nagsasagawa rin ang Simbahan ng mga piling inisyatibo sa iba't ibang bahagi ng mundo bawat taon. Sa pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon noong 2022, nagtuon kami sa pagtugon sa mahihirap na isyu tulad ng malulubhang sakit, mga hadlang sa edukasyon, mga pangangailangan ng mga taong nawalan ng tirahan, at marami pang iba. Ang mga inisyatibong ito ay nakatuon sa pagbubuo ng mga sustainable o mapananatiling mga solusyong sumusuporta sa pag-asa sa sariling kakayahan at dignidad para sa lahat.

*"Ang makasaysayang pagkakaloob ng Simbahan ng $32 milyon ngayong taon sa World Food Program USA … ay isang halimbawa kung paano ipinamumuhay ng Simbahan at ng mga miyembro nito ang kanilang pananampalataya araw-araw at tinutupad ang pinakadakilang pangakong maglingkod. Ang bukas-palad na pagtulong ng Simbahan ay tumutulong sa amin na tulungan ang milyun-milyong pamilya, na naglalaan sa kanila ng katatagan at pag-asa para sa mas magandang hinaharap."*

—BARRON SEGAR
World Food Program USA President at CEO

Ang isang pinagtuunan noong 2022 ay ang nutrisyon ng bata. Para malunasan ang kritikal na pangangailangang ito, nagbigay ang Simbahan ng $32 milyong donasyon—ang pinakamalaking minsanang kontribusyon nito sa isang organisasyong pangkawanggawa—sa United Nations World Food Programme. Bukod pa riyan, isang $5 milyong donasyon ang ibinigay sa United Nations International Childrens Emergency Fund (UNICEF) para suportahan ang pandaigdigang kampanya nito sa nutrisyon na "No Time to Waste." Ang pinagsama-samang mga kontribusyong ito ay tutulong sa halos dalawang milyong indibiduwal sa maraming bansa. Patuloy kaming nakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon para maglaan ng edukasyon at pondo upang tulungan ang mga magulang na matukoy ang mga palatandaan ng malnutrisyon at magkaroon ng access sa kinakailangang healthcare.

Ang mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas, Guatemala, Zimbabwe, Madagascar, at Mozambique ay nakipagsanib-puwersa sa mga community health worker at sa mga organisasyong sibiko para suriin kung may mga palatandaan ng malnutrisyon ang mga bata. Nakipagtulungan din sila sa mga pamilya para makabuo ng mga solusyon para sa maraming dahilan ng malnutrisyon. Kabilang dito ang mga kampanya sa kamalayan, mga klase sa pagluluto, access sa masusustansyang pagkain, at mga clinical service tulad ng pagbabakuna at pagpapalabas ng bulate sa tiyan.

Noong 2022, nakumpleto ng Simbahan ang ikaanim na taon ng inisyatibo nito tuwing Pasko, ang Ilaw ng Sanlibutan. Sa 23 lungsod sa buong Estados Unidos, pinasigla ng mga residente ng komunidad ang buhay ng mga nangangailangan sa buong mundo sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga giving machines ng Simbahan. Dahil Simbahan ang nagbayad sa mga gastusin sa pagpapatakbo ng mga machine, natanggap ng mga organisasyong pangkawanggawa ang bawat sentimong ibinigay sa kanilang mga humanitarian effort.






***Itaas:*** *Dalawang bata sa South Sudan ang masayang pumapasok sa kanilang bagong paaralan.*

Ngayong taon, ang mga donasyon ng mga miyembro at kaibigan ng Simbahan sa Ilaw ng Sanlibutan ay naglaan ng pagkain, damit para sa mga bata, bakuna sa polio, mga manok para tulungan ang naghihirap na mga pamilya, mga feminine hygiene kit, at marami pang iba. Nag-ambag ang mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo, na may kabuuang donasyon na higit pa sa milyun-milyon.

Ang isa pang pinagtuunan noong 2022 ay ang pagpapahusay ng healthcare sa buong mundo. Nakakuha ang American Red Cross ng mga bagong makina para sa koleksyon at pagtatago ng mga blood platelet sa tulong ng $5.1 milyong donasyon ng Simbahan. Ang sickle cell disease research ay mahalaga sa pagtulong na maibsan ang kundisyong ito, na may hindi pantay na epekto sa mga miyembro ng komunidad na lahing African. Ang proyektong ito ay naglalayon na maabot ang mas maraming miyembro ng Black community sa pamamagitan ng pag-anyaya sa kanila na makilahok bilang mga blood donor sa patuloy na mga pag-aaral para mapuksa ang sakit na ito.

### LEARNING FOR LIFE SA ISANG BAGONG BANSA

Noong anim na taong gulang pa lang si Ayibu, napilitan sila ng mga magulang niya na tumakas ng South Sudan nang walang dala maliban sa damit na suot nila. Kalaunan, nakakita sila ng matutuluyan sa Biringi, Democratic Republic of Congo.

Ang programang Learning for Life ng UNICEF, na may pondo mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay nakapagbigay ng training sa mga guro ni Ayibu tungkol sa psychological care at conflict management. Dahil dito ay handa silang tulungan siya na makihalubilo sa bago niyang paaralan. Sinasabi ngayon ni Ayibu na plano niyang maging doktor balang araw para matulungan niya ang iba na tumakas ng kanilang bansa.



# Africa at ang Middle East

- **94 na food security project**
- **Malinis na tubig na inilaan para sa 626,475 katao**
- **4,785 donasyong wheelchair**

**SUMASAKOP SA MILYUN-MILYONG MILYA KUWADRADO,** maganda at masigla ang kultura ng Africa at ng Middle East. Gayunman, sa ilang rehiyon, ang kaguluhang sibil ay humahantong sa matataas na antas ng pagkawala ng tirahan.

Marami sa Africa at sa Middle East ang nahihirapang makakita ng makabuluhang trabaho—kadalasa'y dahil sa kawalan ng access sa mga trabaho, edukasyon, at training. Ang ilan ay nahihirapang makakita ng trabaho dahil sa kanilang katayuan bilang mga taong nawalan ng tirahan. Sa ilang lugar, ang kawalan ng trabaho ay kasintaas ng 60%, na humahantong sa dagdag na antas ng kahirapan at pagkagutom. Ang mga ito ay nagpapalala sa mataas na pagkahawa sa COVID-19, mga lockdown, at kawalan ng sapat na suplay.

Noong 2022, sinikap naming tugunan ang mga isyung ito ng mga solusyong nakatuon sa pangmatagalan. Kabilang sa mahahalagang kontribusyon ang donasyon sa Rural Entrepreneur Access Project, na tumutulong sa mahigit 7,000 kababaihan at mga bata sa Kenya na magtamasa ng mas malaking seguridad sa pagkain at kaligtasan. At sa donasyon ng Simbahan sa World Food Programme, ang tulong sa nutrisyon at pagkain ay naibigay sa 1.6 na milyong katao sa siyam na bansa, kabilang na ang Ethiopia, northeast Nigeria, Somalia, South Sudan, at Yemen.

Nabigyan din namin ng prayoridad ang mga proyekto sa malinis na tubig at sanitasyon, sa pakikipagtulungan sa WaterAid, Water for People, at iba pang kagalang-galang na mga organisasyon para maipanumbalik ang mga water system, maghukay ng mga borehole, at bumuo at magpalalim ng mga balon sa mga lugar na apektado ng tagtuyot. Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na ito, mahigit 626,475 katao sa buong Africa at Middle East ang nagkaroon ng malinis na tubig at sanitasyon noong 2022.

Ang isa pang prayoridad ng Simbahan sa Middle East at Africa ay ang pangangalagang medikal. Noong 2022, 4,785 katao sa mga lugar na ito ang nakatanggap ng bagong wheelchair, samantalang 11,586 na katao pa ang nakatanggap ng mga mobility aid, at isang karagdagang 182,917 katao ang nakatanggap ng pagsusuri sa mata noong 2022. Bukod pa riyan, nabigyan ng mga kagamitan at training program ang mga lokal na doktor at physiotherapist, at ang mga pasilidad gaya ng mga wheelchair repair shop para sa mga kanayunan, sa pamamagitan ng pondo ng Simbahan.

*"Maraming taon na kaming nakikipagtulungan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at naging napakahalaga na nito sa gawaing ginagawa namin dito sa Malawi. Maraming komunidad ngayon ang nakikinabang sa pagkakaroon ng malinis na tubig at ligtas na mga opsiyon para sa sanitasyon mula sa epektibong pagsasamahang ito. Hindi malalaman kailanman ng mga bata sa mga nayong ito na dati-rati ay walang malinis na tubig ang kanilang pamilya."*

—ULEMU CHILUZI
Water for People Malawi Country Director

Tungkol sa mga inisyatibo sa edukasyon, tumulong ang Simbahan sa maraming paaralan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga silid-aralan, pagbibigay ng mga computer at iba pang mga suplay, at pagtatayo ng mga palikuran. Ang mga donasyong ito ay naglaan ng pinahusay na access sa edukasyon sa daan-daang estudyante.

Sa pakikipagtulungan sa iba pang mga organisasyon, tumugon ang Simbahan sa maraming emergency sa buong rehiyon. Halimbawa, nagbigay ng materyales sa pagtatayo ng gusali, pagkain, at iba pang mga pangangailangan para tulungan ang libu-libong taong naapektuhan ng pagbaha sa South Africa. At libu-libong Syrian na nawalan ng tirahan ang nagkaroon ng mas ligtas na access sa malinis na tubig na maiinom at sanitasyon, salamat sa pakikipagtulungan sa CARE sa pagkukumpuni ng mga tubo ng tubig at imburnal sa kanilang mga kampo.





### NAGBIBIGAY NG PANGALAWANG PAGKAKATAON ANG MGA BUBUYOG

Matapos mapaalis sa kanyang tahanan sa Syria, si Dohad—isang bata-bata pang ama—ay naghanap ng panibagong simula sa Jordan. “Noong una akong dumating, napakahirap mabuhay. Lungkot na lungkot ako noon,” sabi niya.

Mabuti na lang, nakatanggap ng tulong si Dohad sa pamamagitan ng pinag-isang proyekto sa pagitan ng Ang Simbahan ni Jesucristo at ng kawanggawang Jordanian na Aljahuz, na nagbigay kay Dohad ng mga bahay-pukyutan at training kung paano ito pamamahalaan.

Sa loob ng dalawang taon, napalago ni Dohad sa apat ang kanyang mga bahay-pukyutan mula sa dalawa. Sa kinita niya, nakalipat siya sa isang bahay at napag-aral ang kanyang mga anak. Sabi ni Dohad, “Ipinagmamalaki kong magkaroon ng kita, na magkaroon ng pangalawang pagkakataon sa buhay kasama ng mga bubuyog.”[13]



# Asia, Australia, at ang Pacific Islands

- **51 emergency relief project**
- **156,182 estudyanteng napaglingkuran**

**SA ASIA, AUSTRALIA, AT SA PACIFIC ISLANDS,** ang kabaitan ng mga tao ay kasing-ganda ng mga tanawin. Gayunman, maraming bata at matatanda sa mga lugar na ito ang nahihirapan sa mga problema sa kalusugan na may kaugnayan sa nutrisyon. Nag-iwan ang mga kalamidad na dulot ng kalikasan ng libu-libong nangangailangan ng pangunahing pangangalaga noong nakaraang taon.

Noong 2022, nakipagtulungan ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mga grupong tulad ng Adventist Development and Relief Agency, Habitat for Humanity New Zealand, at Church World Service para magbigay ng mga solusyon na nakatulong sa mga indibiduwal na umasa sa sarili nilang kakayahan at maging mas handa para sa hinaharap. Bukod pa rito, maraming residenteng nakatanggap ng kritikal na tulong kasunod ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan, tulad ng malaking pagputok ng bulkan at tsunami sa Tonga.

Nagtuon din ang Simbahan sa healthcare, na inuuna ang mga lugar na lubhang naapektuhan ng COVID-19. Sa Mongolia, halimbawa, nakipagtulungan kami sa Ministeryo ng Kalusugan at ilang iba pang mga organisasyon para magbigay ng mga kumot, damit, kobrekama, oxygen supply, at gamot para sa mga pasyente sa ospital. Patuloy na sumusuporta ang mga humanitarian missionary sa mga pagsisikap na ito.

Bilang tugon sa ikalimang wave ng COVID-19 sa Hong Kong, nakipagtulungan ang Foodlink Foundation sa mga lokal na miyembro at missionary ng Simbahan para maghatid ng 2.5 tonelada ng donasyong pagkain sa mga nangangailangan. Sa Fiji, 1,000 pamilya ang nakatanggap ng mga rasyon ng pagkain at pinansyal na tulong para sa mga lokal na bukirin, na tumulong sa kanila na suportahan ang kanilang mga anak at mas maingatan ang kanilang kabuhayan. Patuloy kaming nakikipagtulungan sa lokal na mga aid organization para magtaguyod ng sustainable farming at iba pang tulong sa pagkain.

Bukod pa riyan, binigyang-diin namin ang pangangailangan sa edukasyon para malabanan ang kahirapan sa mga kanayunan. Ilang paaralan sa mga lugar na ito ang binigyan ng mga stationery, aklat, uniporme, washroom, at marami pang iba. Halimbawa, nakinabang ang mga estudyante sa Chuuk High School sa Federated States of Micronesia mula sa mga donasyong laptop, makinang pantahi, at kagamitan sa sports para makaragdag sa kanilang pag-aaral. Ang mga estudyante sa Trop Secondary School sa Cambodia ay nakatanggap ng isang bagong gusali sa paaralan.

*"Iyan ang pinakamahalagang bahagi ng misyon ng aming pakikipagtulungan [sa Simbahan]: pagkakaroon ng epekto at mas malawak na maabot ang mga bata sa buong mundo— lalo na ang mga batang nasa mga lugar na may pinakamaraming problema at naghihirap."*

**—RACHEL STEINBERG**
UNICEF USA Managing Director for Global Cause Partnerships[14]

Ang isa pang humanitarian project na sa rehiyong ito ay ang mga inisyatibo sa malinis na tubig. Sa Pakistan, 50,000 katao sa 15 komunidad ang nakatanggap ng mga water filtration system kasunod ng walang-katulad na matitinding baha. Sa lalawigan ng Khanewan sa Pakistan, 45 paaralan ng pamahalaan ang binigyan ng 147 washroom at ng mga bagong kabit na mga pasilidad sa sanitasyon. Ang mga donasyon ay sinamahan ng training, para tiyakin na magkaroon ng mga kasanayan ang mga taong nakatanggap na mapanatili ang mga bagong system at pasilidad nila sa darating na mga taon.







## PAGPAPABUTI NG BUHAY PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Si Tatan, isang 42-taong-gulang na ama na may dalawang anak, ay nakatira sa isang munting nayon sa Indonesia. Noong isang taon, nagkaroon siya ng sakit na nakaapekto sa kanyang sirkulasyon at kinailangang putulin ang kanyang binti. Dahil sa pagkaputol ng binti ni Tatan, naging imposible para sa kanya na patuloy na magtrabaho—hanggang sa nakatanggap siya ng tulong.

Nakipagtulungan ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa nonprofit Yayasan Peduli Tuna Daksa para magbigay ng 500 prosthetic limb sa Java, Sumatra, at Kalimantan noong 2022.

Isa si Tatan sa mga taong nakatanggap ng prosthetic leg. Sa bago niyang binti, inaasam ni Tatan na makabalik sa kanyang trabaho bilang karpintero.



**Itaas:** *Pinipinturahan ng isang grupo ng mga service missionary ang muwebles sa Caritas homeless refugee center sa Friedrichsdorf, Germany.*

# Europa

- **Mga kalakal na inilaan para sa mga taong nawalan ng tirahan sa 50 lungsod**
- **42 food security project**
- **Nakipagtulungan sa 294 na organisasyon**

**NOONG 2022,** sinira ng armadong labanan ang pang-araw-araw na buhay ng marami sa buong Europa. Tumugon ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng pagbibigay ng pondo at mga suplay, at nagtulung-tulong ang mga miyembro ng Simbahan sa buong Europa sa pagbibigay ng kanilang panahon at kabuhayan.

Noong 2022, gumugol ang Simbahan ng mahigit $16.8 milyong tulong bilang tugon sa krisis sa pagitan ng Ukraine at Russia.

Sa pakikipagtulungan sa malalaking organisasyon, tulad ng Jesuit Refugee Service, Project HOPE, at iba pa, namahagi ang mga lider ng Simbahan at humanitarian missionary ng libu-libong emergency shelter item, kumot, solar lantern, phone card, lampin, damit, at iba pang mahahalagang gamit sa Europa.

Bukod pa riyan, binuksan ng mga lokal na lider ang mga meetinghouse sa Ukraine, na gumawa ng mga pahingahan sa daan kung saan mabibigyan ng kanlungan, pagkain, at shower ang mga indibiduwal na nawalan ng tirahan. Ang mga tumatakas sa kaguluhan ay nagkaroon ng access sa isang shuttle service, na naghatid sa kanila sa mga welcome center sa Poland, Hungary, Slovakia, Romania, at iba pang mga lugar. Sa mga welcome center na ito, tinulungan ng mga missionary at boluntaryong miyembro ang mga indibiduwal na nawalan ng tirahan na kumonekta sa mga lokal na aid agency at makahanap ng tirahan (kadalasa'y sa mga miyembro ng Simbahan sa komunidad).

Nakipagtulungan ang Simbahan sa iba pang mga organisasyon sa paghahatid at pagbibigay ng tirahan sa mga taong nawalan ng bahay. Nakipagtulungan ang mga non-governmental organization, tulad ng Save the Children, pati na ang lokal na mga organisasyon sa Romania, sa mga missionary para mailipat ng tirahan ang libu-libong Ukrainian, pati na ang maraming naulilang anak. Ang pakikipagtulungan sa French relief agency na Terre des Hommes ay humantong sa 4,800 phrasebook na ibinigay sa mga bata at magulang sa Italy na nawalan ng tirahan para tulungan silang makisalamuha sa bago nilang komunidad.

Sa pakikipag-ugnayan sa transport network ng pamahalaan ng Ukraine, 900 tonelada ng pagkain at iba pang mahahalagang produkto ang ibinigay para tulungan ang mga komunidad na may pinakamalalaking pangangailangan sa pagkain. Bukod pa ito sa pondong ibinigay sa World Food Programme noong nagsisimula ang digmaan para magsuplay ng apat na buwang rasyon sa 11,000 katao, kapwa sa loob at labas ng Ukraine.

*"Malambot ang puso ni Jesus sa mga bata. Nananangis Siya kapag nakikita Niya silang nagugutom. At nagagalak Siya maging sa pinakamaliit na pagsisikap na tulungan sila. Isang malaking pasasalamat sa World Food Programme at sa lahat ng nag-aambag sa anumang paraan sa adhikaing ito."*

—PRESIDENT CAMILLE N. JOHNSON
President ng Relief Society General Presidency[16]

Sa pamamagitan ng mga pagsisikap na nakatuon sa healthcare, nakatanggap ang mga ospital at paramedic sa Ukraine ng libu-libong first aid kit, gamot, at iba pang mahahalagang medical supply at kagamitan. Naisagawa ang gawaing ito sa pakikipagtulungan sa mga organisasyong tulad ng Red Cross, International Medical Corps, at iba pa. Nakipagtulungan ang mga humanitarian facilitator mula sa Simbahan sa Association of Neonatologists ng Ukraine para maglaan ng mga antibiotic para sa mga sanggol na may matinding sakit sa baga matapos isilang sa mga basement ng ospital sa panahon ng digmaan.

Nagsikap din kaming mapahusay ang access sa edukasyon sa southeastern Europe. Isang paaralan sa kanayunan sa Montenegro (kung saan walang internet access sa bahay ang mga bata) ang nakatanggap ng isang projector, screen, at printer para sa isang bagong computer lab. At sa Bosnia at Herzegovina, nakatanggap ng neurotherapy system at iba pang mga kritikal na kagamitan ang mga estudyanteng may kapansanan.

### PAGTULONG SA MGA PAMILYANG NASA KRISIS

Nakipagtulungan ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa ilang organisasyon para pangasiwaan ang tulong sa mga tumatawid sa hangganan ng Ukraine-Russia noong 2022. Ang mga indibiduwal na ito na nawalan ng tirahan ay nakatanggap ng pagkain, tubig, mga sleeping bag, generator, mga tent, hygiene item, at damit para sa taglamig.

Nag-ambag din ang Simbahan sa mga proyekto para sa mga batang nawalan ng tirahan, kabilang na ang isang programang nag-facilitate ng mga excursion sa mga lokal na makasaysayang lugar at isang amusement park. Binigyan din ng mga kahon ang mga bata para sa paaralan, na naglalaman ng mga uniporme sa paaralan, textbook, at iba pang mga suplay.










# North America

- 880 proyekto para tulungan ang mga taong nagdaranas ng kawalan ng tirahan
- 57,299,342 libra ng pagkain at iba pang mga produktong ibinigay
- 21 inisyatibo sa healthcare noong 2022

**BAGAMA'T ANG PANINIRAHAN SA NORTH AMERICA** ay karaniwang may kasamang access sa sustainable resources, marami pa rin sa rehiyong ito ang nahihirapang tugunan ang mga pangunahin nilang pangangailangan. Noong 2022, dahil sa inflation, mabuway na ekonomiya, at tumataas na mga presyo ng real estate, lalo pang humirap ang maraming tao. Humantong ito sa pagdami ng mga indibiduwal at pamilya na nawalan ng tirahan. Tumaas din ang bilang ng mga taong nawalan ng tirahan na naghahanap ng matutuluyan sa North America dahil sa mga armadong labanan at emergency sa buong mundo.

Ang mga pagsisikap ng Catholic Community Services, Greek Orthodox Church, at iba pang mga organisasyon ay natulungan ng kontribusyon ng Simbahan na $5 milyon na pondo at mga kalakal para maglaan ng ligtas at pansamantalang pabahay para sa mga taong nawalan ng tirahan sa North America. Nagpapatakbo din ng mga welcome center ang mga miyembro ng Simbahan sa ilang lungsod sa North America, kabilang na sa Las Vegas at Mesa sa Estados Unidos, at Calgary sa Canada. Sa mga welcome center, nakakakuha ng tulong ang mga bagong dating na indibiduwal sa pag-aaral ng Ingles, paghahanap ng trabaho, pagkonekta sa legal na tulong, at iba pa.

Dahil sa kakulangan sa pagkain sa North America, naging isang mahalagang prayoridad ang pagtugon sa mga agarang pangunahing pangangailangan ng mga tao. Noong 2022, libu-libong libra ng kalakal ang ipinadala sa mga food bank sa buong Estados Unidos at Canada bawat linggo. Sa mga lugar kung saan hindi maipadala ang mga produkto, nag-coordinate ang mga humanitarian missionary ng Simbahan at pinondohan ang mga food drive para matustusan ang mga nangangailangan.

Para matulungan ang lumalaking populasyon ng mga indibiduwal at pamilya na nawalan ng tirahan, tinulungan ng Nevada Homeless Alliance ang mga nangangailangan na lumipat sa ligtas at matatag na pabahay sa tulong ng malaking donasyon ng mga kalakal ng Simbahan. Nag-ambag din kami sa rehabilitasyon ng Ella J. Baker House sa Boston, Massachusetts, isang youth center na tumutulong sa maraming kabataan na nawalan ng tirahan. Sa Canada, nakipagtulungan kami sa mga organisasyong tulad ng Red Cedar Shelter at H.O.P.E. Society of LaSalle para magbigay ng kanlungan at pabahay sa mga populasyong may napakaraming problema.

*"Sa loob ng mahigit 100 taon, nagkaroon na ng koneksyon ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Utah Food Bank. … Nagtutulungan sila para tulungan ang mga nangangailangan at lalo na ang mga nagdaranas ng kakulangan sa pagkain."*

—GINETTE BOTT
President at CEO ng Utah Food Bank[16]

Ang ilang komunidad sa Estados Unidos ay wala pa ring malinis na tubig, kuryente, at iba pang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Sa pakikipagtulungan sa mga organisasyong tulad

ng DigDeep, nakapagbigay kami ng malinis na tubig sa mga komunidad na di-gaanong natutulungan, tulad ng Navajo Nation. Nakipagtulungan ang mga lokal na lider sa mga komunidad na ito para ikonekta sila sa kanilang mga lokal na electrical at sewer grid. Dahil dito, daan-daang buhay ang napagpala.

Noon pa pinagtutuunan ng Simbahan ang dagdag na access sa healthcare sa rehiyon. Kasama sa iba pang mahahalagang proyekto, 1,670 katao na may kapansanan ang nakatanggap ng wheelchair sa Mexico. Sa Canada, tumulong ang Weenebayko Foundation at iba pang mga organisasyon para maging available ang healthcare sa mga komunidad ng mga katutubo. Sa Estados Unidos, nakipag-coordinate ang mga lokal na lider at humanitarian missionary sa National Association for the Advancement of Colored People (NAACP) para gawing isang maternal at newborn care facility ang isang gusali sa Memphis, Tennessee.

Sa bagong pasilidad, makatatanggap ang mga ina ng mainit na pagkain, tagubilin kung paano pangalagaan ang kanilang mga anak, at makalilisan doon na ang pakiramdam ay napanibago at suportado sila.

Sa pakikipagtulungan sa mga boluntaryo at iba pang mga organisasyon, tulad ng Canadian Red Cross, tumugon ang Simbahan sa ilang kalamidad na dulot ng kalikasan at iba pang mga emergency sa Estados Unidos, Canada, at Mexico noong 2022, kabilang na ang Hurricane Ian sa Florida at ang mapanirang mga baha sa Sonora, Kentucky, at Alaska. Kasunod ng mga kalamidad na ito, namahagi ang mga boluntaryo ng Simbahan ng libu-libong donasyong pagkain, cleaning kit, banig, at damit sa mga naapektuhan. Nagbigay rin ng malinis na tubig na maiinom at iba pang mahahalagang bagay, para suportahan ang ilang komunidad nang masira ang kanilang mga municipal water system.





### PAGTULONG SA MGA BATANG NANDAYUHAN NA UMUNLAD

Isa si Joaquin sa libu-libong batang nakatakas sa digmaan at paghihirap sa kanyang sariling bansa. Sa Mexico, patuloy na dumarami ang mga nandarayuhang indibiduwal, na humahantong sa pagsikip ng mga lugar at kakulangan ng resources para sa mga batang tulad ni Joaquin.

Para makatulong sa problemang ito, nagbigay ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ng mga donasyong pagkain, cleaning kit, at hygiene kit sa Save the Children.

Dahil sa donasyong ito, mahigit 900 adult at mahigit isang libong bata—kabilang na si Joaquin—ang nagkaroon ng access sa pagkain, tubig, at mga serbisyo sa sanitasyon na kailangan nila.




***Itaas:*** *Nagtipon ang isang grupo ng mga opisyal ng mga donasyon sa General Hospital of the Barrio Obrero sa Asunción, Paraguay.*

# South America, Central America, at ang Caribbean

- **10,733 pagsusuri sa mata ang ibinigay**
- **Tulong sa emergency na ibinigay sa 22 bansa**
- **Tulong sa pagkain na ibinigay para sa 151,389 na household**

**BAGAMA'T ANG MGA PANGANGAILANGAN NG MGA TAO** ng South America, Central America, at ng Caribbean ay iba-iba, nakaapekto ang kamakailang mabuway na ekonomiya sa rehiyon sa maraming bansa. Sa mga komunidad sa kanayunan, maraming walang trabaho. Nang magsimula ang pandemyang COVID-19, maraming pasilidad sa healthcare ang nangailangan ng mga kagamitan at suplay. At sa ilang lugar, nanira ang mga kalamidad na dulot ng kalikasan at napilitang lumipat ng lugar ang libu-libong tao mula sa kanilang tahanan.

Noong 2022, nagtuon kami sa pagtulong sa ilang komunidad sa South America na pagandahin ang kanilang healthcare infrastructure. Sa pamamagitan ng mga donasyon sa mga lokal na ospital, nagkaroon ng access ang mga indibiduwal sa iba't ibang bahagi ng South America sa mga humidifier, oxygen mask, personal protective equipment, gynecological equipment, at iba pang kailangang mga medical supply.

Ang maganda, isang malaking donasyon ng Simbahan ang tumulong sa General Hospital ng Barrio Obrero sa Asunción, Paraguay, na magtayo ng isang oxygen-generating plant, na nakaragdag sa kakayahan nitong pangalagaan ang mga pasyenteng may COVID-19 at iba pang mga sakit sa baga. Matutulungan ng planta ang mga outpatient at healthcare facility sa mga lugar sa kanayunan na tugunan ang mga pangangailangan nila sa oxygen, at pinadadali ng state-of-the-art na disenyo nito ang pagpapatakbo at pag-iingat nito.

Sa mga donasyon ng Simbahan, daan-daang indibiduwal na may kapansanan ang nakatanggap ng wheelchair, at daan-daang taong mababa ang kita na nagdaranas ng mga problema sa paningin ang tatanggap ng pangangalaga sa Vision Honduras Eye Clinic. Pinasalamatan ng alkalde ng Jutiapa, si Oscar Ayala, ang Simbahan sa pakikipagtulungan nito sa kanilang komunidad at idinagdag na, "pribilehiyo kong tanggapin ang tulong na ito, na malaki ang kabutihang magagawa para sa bayan naming Jutiapa."[17]

Noong 2022, naglaan ang Simbahan ng mga kahon ng donasyong pagkain sa nagugutom na mga pamilya sa mga kanayunan ng Colombia at iba pang mga bansa. Sa Argentina at Chile, ang mga nangangailangan ay maaaring makatanggap ng pagkain at iba pang mga pangangailangan sa siyam na pinatatakbong bishops' storehouse. Nakilahok din ang Simbahan sa pitong proyekto sa malinis na tubig at sanitasyon sa buong South America, Central America, at Caribbean—kabilang na ang isang proyekto sa Dominican Republic, na nagbigay ng access sa malinis na tubig sa 11,000 katao sa munting bayan ng Chirino.



Namuhunan ang Simbahan sa maraming proyekto para mapahusay ang edukasyon para sa mga kabataan noong 2022, kabilang na ang isang symposium para sa pagtuturo sa komunidad ng mga bingi sa Dominican Republic. Nakatanggap din ng donasyon ang mga estudyante sa Jamaica, na tumulong sa kanila na makumpuni ang isang pader ng hangganan sa paligid ng isang paaralan. Nagbigay ito sa mga estudyante ng higit na kapayapaan ng isipan sa kanilang pag-aaral, dahil nagbigay ng proteksyon ang pader mula sa di-ligtas na lugar sa paligid ng paaralan.

Sa pagsisikap na tulungan ang mga indibiduwal at pamilya na maragdagan ang kanilang pag-asa sa sarili, binigyan ng Simbahan ang ilang sambahayan ng mahalagang kagamitan para magsimula o magtayo ng sarili nilang negosyo. Bukod pa riyan, ang mga kanlungan para sa kababaihan at mga bata ay binigyan ng mga computer, suplay sa kusina (tulad ng pizza oven, mesang kainan, isang lababo, at mga istante), at iba pang kagamitan para tulungan silang matuto ng mga kasanayan, lumikha ng mga hanapbuhay, at hindi umasa sa kanilang sarili.

Sa huli, nagbigay ng emergency relief ang Simbahan sa mga komunidad sa buong rehiyon. Kasunod ng Hurricane Fiona, 65,000 pamilya sa Guadeloupe, Puerto Rico, at sa Dominican Republic ang nabigyan ng pondo para kumpunihin ang kanilang mga tahanan at komunidad. Nakipagtulungan din ang Simbahan sa Tanggapan ng Unang Ginang ng Peru para bigyan ang mga residente ng Jaén, Peru, ng mahigit siyam na toneladang pagkain at tubig pagkaraan ng malalakas na ulan na nagsanhi ng matinding pagbaha at mga pagguho ng lupa sa komunidad.

Nang mapilitan ang 140 katao na lisanin ang kanilang tahanan sa Bayan ng Panzós sa Guatemala dahil sa pagbaha, ang 46 na pamilyang apektado—na kinabilangan ng mga bata, kabataan, at matanda—ay nakatanggap ng kinakailangang mga damit. At sa pamamagitan ng donasyon ng Simbahan sa World Food Programme noong 2022, nagawa naming pondohan ang ilang proyekto na naglalayong paghusayin pa ang pangmatagalang sustainability sa Caribbean, kabilang na ang pagpapaganda ng mga supply chain at mga proyekto sa pag-angkop sa klima—tulad ng isang inisyatibo para mapaghusay ang mga kakayahang mag-forecast sa Haiti upang maging mas handa ang mga tao para sa matitinding kaganapan at bagyo.








***Larawan sa itaas:*** *Sinuportahan ng mga residente sa Caribbean ang isa't isa kasunod ng epekto ng Hurricane Fiona.*

## PAGBABAGO NG BUHAY PARA SA KABUTIHAN

Si Fredy ay isinilang na may pingas sa labi, kaya nahirapan siyang sumuso sa kanyang ina. Nagsumikap ang kanyang mga magulang na panatilihin siyang malusog sa formula, bagama't naging mabigat na pasanin sa kanilang pamilya ang pagbili nito.

Sa pamamagitan ng pondo mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, nagawang pangasiwaan ng Operation Smile ang isang programa sa sariling bansang Brazil ni Fredy para matukoy, magamot, at maoperahan ang mga indibiduwal na tulad ni Fredy na nahirapang tumanggap ng panggagamot na kailangan nila.

Dahil sa mga pagsisikap na ito, nakatanggap si Fredy at ang daan-daang iba pang katulad niya ng kinakailangang operasyon, na tumulong sa kanila na lumago at maging malulusog na bata at matanda.

# Pagkakaroon ng Pag-asa sa Sarili

"Ang ibig sabihin ng pagiging handa sa temporal at pagiging self-reliant ay ang "paniniwala na sa pamamagitan ng biyaya, o nagbibigay-kakayahang kapangyarihan, ni Jesucristo at ng ating sariling pagsisikap, kaya nating makamit ang lahat ng espirituwal at temporal na pangangailangan ng buhay na kailangan natin sa ating sarili at sa ating pamilya."

—BISHOP W. CHRISTOPHER WADDELL, FIRST COUNSELOR SA PRESIDING BISHOPRIC[18]





# Pangangasiwa sa Kapaligiran

- **38-milyong-galong bawas sa taunang water consumption mula noong 2018 sa headquarters ng Simbahan**
- **500+ meetinghouse na kasalukuyang may solar na inisyatibo sa buong mundo**
- **73 milyong tonelada ng recycled na mga produktong ipinroseso ng Deseret Industries noong 2022**

---

**SA ISANG KUMPERENSYA NOONG 2022** tungkol sa mga sustainable development goal ng United Nations, sabi ni Bishop L. Todd Budge, "Kung kikilos tayo bilang mabubuting katiwala [sa lupa], maraming resources para sa mga pangangailangan ng ating mga kapatid sa buong mundo."[19]

Naniniwala ang mga miyembro ng Simbahan na ang pangangalaga sa daigdig ay may malapit na kaugnayan sa pangangalaga sa mga nangangailangan. Ang mga humanitarian project ng Simbahan ay maingat na pinipili para matiyak na naipapatupad ang mga sustainable na solusyon, gamit ang mga lokal na materyal hangga't maaari. Nakikilahok ang mga miyembro ng Simbahan sa daan-daang proyekto sa kapaligiran bawat taon, sa pagtatanim ng mga puno at pag-oorganisa ng paglilinis sa kanilang mga lokal na komunidad. Naniniwala kami na ang mga pagsisikap na ito ay tumutulong na mapangalagaan ang mundo, matustusan ang darating na mga henerasyon, at mas madaling makuha ng mga nangangailangan ang resources ng daigdig.

Sa kanyang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2022, sinabi ni Bishop Gérald Caussé, "Bilang mga anak ng Diyos, natanggap natin ang responsibilidad na maging mga katiwala, tagapag-alaga, at tagapagbantay ng Kanyang mga banal na likha. Sinabi ng Panginoon na binigyan Niya "ang bawat tao [ng pananagutan], bilang isang katiwala sa mga makalupang pagpapala, na aking ginawa at inihanda para sa aking mga nilalang."[20]

Nagsikap ang Simbahan sa nagdaang mga taon na mabawasan ang epekto sa kapaligaran ng mga ari-arian at imprastraktura nito. Kabilang sa gawaing ito ang pag-upgrade sa umiiral na mga sistema sa mga solusyon na mas maiingatan ang kapaligiran, sa pagbabawas sa laki ng damuhan, at paggamit ng sustainable na mga gawi sa pagtatayo ng gusali. Sinisikap naming isama ang mga materyal sa lokal na landscaping at konstruksyon para mabawasan ang mga gastusin sa transportasyon, suportahan ang mga ekonomiya sa lugar, at bawasan ang mga emisyon. Nabawasan din namin ang emisyon sa pamamagitan ng mas matataas na pamantayan sa fuel efficiency sa ating pandaigdigang vehicle fleet.

Itinataguyod pa ng Simbahan ang pangangasiwa sa kapaligiran sa pamamagitan ng sustainable na mga gawi sa pamamahala sa lupain sa mga bukirin, halamanan, at rantso nito. Kabilang sa mga gawing ito ang paggamit ng mga cover crop, crop rotation, no-till farming, grazing management, at greenhouse gas capture method. Ang mga tuntunin sa pamamahala sa lupa ay tumutulong na i-maximize ang carbon sequestration at gamitin ang umiiral na materyal hangga't maaari.

Patungkol sa pagbabawas ng basura, hangad naming bawasan ang paggamit ng mga plastik na minsanan ang gamit at dagdagan ang materyal na inire-recycle sa mga pasilidad ng Simbahan. Noong 2022, ini-recycle ng mga pasilidad ng Simbahan ang mahigit 4,000 tonelada ng papel, metal, karton, at plastik (hindi kasama ang 73 milyong toneladang na-recycle sa Deseret Industries).

Sa huli, hinihikayat namin ang ating mga miyembro na sundin ang payo ni Pangulong Nelson na "alagaan natin ang mundo, maging matatalinong katiwala nito, at ingatan ito para sa mga darating na salinlahi, at … mahalin at pangalagaan natin ang isa't isa."[21] Nakikibahagi ang mga miyembro sa pangangasiwa sa kapaligiran sa iba't ibang paraan, kabilang na ang pagtitipid ng enerhiya, pagre-recycle, pagbabawas ng basura, pagpili sa pampubliko o aktibong pamamaraan ng transportasyon (tulad ng paglalakad at pagbibisikleta), pagpapatubo ng pagkain sa mga halamanan sa bahay at komunidad, at pagtitipid ng tubig, lalo na sa mga lugar na apektado ng tagtuyot.




# Mga Programa sa Edukasyon

- **342 silid-aralan na itinayo o kinumpuni**
- **Mahigit 2 milyong estudyanteng napaglingkuran**
- **42,227 nakatanggap ng financial aid**

**NANINIWALA KAMI** na ang pagkatuto ay isang panghabambuhay na hangarin—na mas naglalapit sa atin sa Diyos at nagtataguyod ng dignidad at pag-asa sa sarili.

### Mga Serbisyo para sa mga Miyembro ng Simbahan

Sa pamamagitan ng mga financial aid program tulad ng Perpetual Education Fund, 5,757 miyembro ng Simbahan sa 52 bansa ang nakapag-enrol sa mga vocational training program na tutulong sa kanila na makakuha ng mas magandang trabaho o magsimula ng sarili nilang negosyo sa loob ng dalawang taon. At sa pamamagitan ng Benson Scholarship program, 443 estudyante sa 23 bansa ang nakatanggap ng tulong sa pagtatamo ng post-secondary education sa larangan ng agrikultura.

Pinatatakbo rin ng Simbahan ang BYU–Pathway Worldwide, na nakikipagtulungan sa Brigham Young University–Idaho at Ensign College para maglaan ng mas madaling access sa abot-kayang pag-aaral online. Bukod pa riyan, available ang EnglishConnect program sa ilang bansa at rehiyon sa buong mundo. Naglalaan ito ng libreng pagtuturo ng Ingles para tulungan ang mga indibiduwal na mapaghusay ang mga pagkakataon nilang makapag-aral at makapagtrabaho.

### Mga Serbisyong Karaniwang Inaalok

Ang Simbahan ay nagsasagawa ng daan-daang humanitarian project bawat taon para mapaganda ang access sa pag-aaral para sa mga nangangailangan. Halimbawa, sa Nizhny Novogorod na rehiyon ng Russia, isang proyekto sa lokal na Red Cross ang nagbigay ng mga backpack at school supply para sa 200 estudyante mula sa mga populasyong may napakaraming problema, at nagsagawa ng mga kaganapan para tulungan ang mga pamilya na maghanda para sa bagong taon ng pag-aaral.

Sa Lebanon, nakipagtulungan ang Simbahan sa Jusoor para magtatag ng mga klase sa paghahanda para sa Brevet exam—isang mandatory test na kailangang maipasa ng mga estudyante para makapag-enrol sa mga pampublikong paaralan ng estado. Nakatulong ang proyektong ito sa mga estudyanteng Syrian na nawalan ng tirahan na malampasan ang mga hadlang upang makapagpatuloy sa pag-aaral at mapagbuti nang husto ang pagsagot ng karaniwang mga estudyante sa mga pagsusulit.

#### PAGBIBIGAY-KAKAYAHAN SA MGA ESTUDYANTE NA MAGTAGUMPAY

Si Edna, isang estudyante mula sa Zimbabwe, ay nag-enrol sa BYU–Pathway noong huling bahagi ng 2021. Nagsikap siya nang husto sa una niyang semestre at nakakuha ng matataas na marka. Pero hindi siya sigurado kung paano niya babayaran ang susunod niyang semestre.

Sa kabutihang-palad, nakapag-aplay si Edna para sa Heber J. Grant scholarship—isang bagong programang ipinatupad noong 2022 na tumutulong sa mga estudyanteng nangangailangan na makatanggap ng tulong-pinansiyal para sa kanilang pag-aaral sa BYU-Pathway.

Ito ay nakatulong kay Edna na patuloy na ibalanse ang kanyang trabaho at mga pangako sa pamilya habang sumusulong tungo sa kanyang mithiing maging isang certified accountant. Sabi ni Edna, "Sa pag-enrol lang sa BYU–Pathway, nakakita ako ng napakaraming magagandang bagay na hindi ko inakalang mangyayari kailanman."[22]



# Produksyon at Pamamahagi ng Pagkain

- **57.3 milyong libra ng pagkaing naibigay**
- **Nakagawa ng sapat na pagkaing makakain ng humigit-kumulang 14.3 milyong tao sa loob ng 1 araw**

**ANG MGA MIYEMBRO NG ANG SIMBAHAN** ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay sumusunod sa mga alituntunin ng pag-asa sa sariling kakayahan, at hangad naming tulungan ang iba na gawin din iyon. Gayunman, para sa maraming nagugutom at may iba pang agarang temporal na mga pangangailangan, mahirap magtuon sa pangmatagalang pag-asa sa sariling kakayahan kapag hindi nalulutas ang mga panandaliang pangangailangan. Hangad ng Simbahan na tulungan ang mga indibiduwal na ito sa pamamagitan ng iba't ibang solusyon.

## Mga Serbisyo para sa mga Miyembro ng Simbahan

Ang Simbahan ay nagpapatakbo ng 12 sakahan, tatlong halamanan, tatlong rantso, at apat na taniman bilang isang paraan para makalikha ng pagkain para sa mga nangangailangan, gayundin sa pagpoproseso ng mga pasilidad tulad ng Deseret Mill at Pasta plant. Ipinamahagi ng mga pasilidad na ito ang 48.3 milyong libra ng pagkain sa mga miyembro ng Simbahan at sa iba pang nangangailangan sa pamamagitan ng mga bishops' storehouse noong 2022.

Katulad ng iba pang mga pagsisikap sa komunidad, ang Simbahan ay nagpapatakbo ng 124 na bishops' storehouse, gayundin ng mga karagdagang lokasyon kung saan maaaring tukuyin ng mga lokal na lider ang mga indibiduwal na nangangailangan para tumanggap ng pagkain at iba pang mga bagay nang walang bayad. Halos lahat ng storehouse at home storage center na pinatatakbo ng Simbahan ay pinamamahalaan ng mga service missionary. Ang mga boluntaryong ito ay nag-oorder ng mga produkto, pinupuno ang mga istante, pinupunan ang mga order, nililinis ang mga pasilidad, at tinutulungan ang mga patron sa magiliw at mapagmahal na paraan. Sa mga lugar na walang access sa mga produkto mula sa bishops' storehouse, kadalasa'y nakikipag-ayos ang mga lider sa mga lokal na grocery store para matugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro ng Simbahan.

## Mga Serbisyong Karaniwang Inaalok

Ang pagkakaroon ng mga kasanayan at resources sa sustainable food production at resources ay tumutulong kapwa sa mga indibiduwal at sa komunidad na mas makaasa sa kanilang sariling kakayahan. Para makahikayat ng mga kasanayang ito, nakikipagtulungan ang mga boluntaryo ng Simbahan sa mga miyembro ng National Association for the Advancement of Colored People (NAACP) para mag-install ng isang water-wise irrigation system sa Florence Fang Community Farm ng San Francisco. Ang proyektong ito ay susuporta sa 100 pamilya sa isang lugar na di-gaanong natutulungan, at isa ito sa maraming mga programa sa paghahalaman sa komunidad na sinuportahan ng Simbahan noong 2022.

Bukod pa sa mga pamamahagi ng bishops' storehouse, 57.3 milyong libra ng pagkain ang ibinigay sa pamamagitan ng mga humanitarian organization, kabilang na ang mga lokal na food pantry. Halimbawa, nagbigay ang Simbahan ng halos 40,000 libra ng suporta sa pagkain sa food assistance program na pinatatakbo ng Christian Cultural Center sa New York City. Ang donasyong ito ay nakatulong na maglaan ng pagkain sa mga nangangailangan sa pamamagitan ng dalawang lugar na tumutulong sa humigit-kumulang 1,250 katao bawat linggo na makatanggap ng mahahalagang grocery item tulad ng sariwang mga gulay at prutas at karne.

Nang masunog ang halos 50,000 libra ng mga produkto sa Maricopa Food Pantry sa Arizona, nagsama-sama ang lokal na komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw para makita kung ano ang maaaring gawin. Hindi nagtagal, dalawang semitruck ng mga kalakal ng Simbahan ang dumating sa food pantry. Bukod pa sa pagbibigay ng pagkain sa lokal na komunidad, plano ng Maricopa Food Pantry na bigyang muli ng puwang

ang pagtuturo ng paghahanda ng pagkain, pag-iimbak ng pagkain, at mga klase sa pag-asa sa sariling kakayahan.

Ang mga pagsisikap na ito na makagawa at mag-imbak ng pagkain ay tumutulong sa Simbahan na magpanatili ng isang strategic inventory ng mga suplay na maaaring kunin sa panahon ng krisis. Dahil dito, naging handang tumulong ang Simbahan nang magkaroon ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan, digmaan, at iba pang mga emergency.

Nakikipagtulungan ang Simbahan sa mga lokal na aid organization para humingi at mamahagi ng mga emergency commodity sa pinakamahusay at epektibong mga posibleng paraan. Kung minsan ay nangangahulugan ito ng paglalaan ng pondo para makakuha ng pagkain na makukuha sa lugar, samantalang sa ibang mga pagkakataon, nangangahulugan ito ng pagpapadala at pamamahagi ng pagkaing gawa sa North America. Halimbawa, matapos manalasa ang Hurricane Ian sa Caribbean, nagpadala ang Simbahan ng siyam na shipping container ng bigas, beans, pasta, at iba pang mga pagkain, na ipinamahagi pagkatapos ng mga lokal na aid organization. Sa pamamagitan ng mga kontribusyong ito, nilalayon ng Simbahan na tulungan ang mga indibiduwal at pamilya na tugunan ang kanilang mga panandaliang pangangailangan upang maituon nila ang kanilang mga pagsisikap sa pagkakaroon ng pangmatagalang pag-asa sa sarili para sa hinaharap.




### MGA DONASYONG PAGKAIN SA KANSAS CITY

Ang Community Services League sa Independence, Missouri, ay tumutulong sa mga komunidad na maabot ang kanilang potensyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng agarang tulong sa mga taong nangangailangan at mga solusyon na humahantong sa katatagan ng ekonomiya. Noong Enero 2022, nagbigay ang Simbahan ng mahigit 100,000 libra ng pagkain sa Kansas City area. Ang unang delivery ay napunta sa Community Services League. Makalipas ang ilang linggo, 80,000 libra ng pagkain ang ibinigay sa Harvesters Community Food Network at Redemptorist Social Services Center.

"Alam namin na kapag nangangailangan ang mga Missourian o nagkaroon ng trahedya, makakaasa ang aming mga komunidad na tutulong ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," sabi ni Missouri Governor Michael Parson.[23]




# Family Services

- **195,491 oras ng pagpapayo**
- **Mga paglilingkod na ibinigay sa 90 bansa at teritoryo**
- **346,664 na addiction recovery group participant**

---

**ANG PISIKAL AT EMOSYONAL NA KALUSUGAN** ay naging isang mahalagang tuon para sa mga indibiduwal, pamilya, at komunidad. Ang Family Services ay isang organisasyong itinataguyod ng Simbahan na tumutulong na maglaan ng epektibong pangangalaga at resources para sa mga taong may mga sosyal at emosyonal na pangangailangan. Nag-aalok kami ng payo sa indibiduwal na mga miyembro ng Simbahan, pamilya, mag-asawa, mga babaeng walang asawa na malapit nang manganak, at mga missionary na naglilingkod sa Simbahan. Ang kanilang mga pangangailangan ay maaaring mula sa pansamantalang pagsubok hanggang sa patuloy na mental o emosyonal na hamon.

Ang addiction recovery program ay isang resource na ibinibigay sa pamamagitan ng Family Services organization ng Simbahan. Ang programa ay nagbibigay ng suporta sa mga nahihirapan sa mga compulsive behavior, gayundin sa kanilang mga mahal sa buhay. Ang libreng programa ay available sa lahat, miyembro man sila ng Simbahan o hindi. Pinamumunuan ito sa iba't ibang bahagi ng mundo ng mga boluntaryong facilitator, na karamihan ay gumaling na sa sarili nilang mga hamon sa adiksyon.

Ang psychological first aid ay mahalagang bahagi ng emergency response kapag tumutulong sa mga taong nagdaranas ng krisis, tulad ng isang kalamidad na dulot ng kalikasan o armadong labanan. Ang Family Services ay nagsisikap na magturo at magbigay ng mga kasanayan sa psychological first aid sa buong mundo sa pamamagitan ng mga bihasang tauhan at boluntaryo. Noong 2022, naglathala ang Family Services team ng isang buklet ng resources para turuan ang mga indibiduwal kung paano maglingkod sa mga adult, kabataan, at mga bata sa oras ng krisis.

Ang resources na ito ay partikular na nakatulong sa mga taong sapilitang pinaalis sa kanilang tahanan. Ginagamit ng mga boluntaryo at service missionary ang kanilang training sa psychological first aid para magbigay ng emosyonal na suporta sa mga indibiduwal na ito na nangangailangan—suporta na maaaring maging kasinghalaga ng pagbibigay ng pisikal na tulong.

### PAGTUTURO SA MGA MAGTUTURO

Noong 2022, nagturo ng psychological first aid ang Family Services sa mga lider, miyembro, missionary, at mental health provider na nakatulong sa mga humanitarian project sa buong mundo. Bilang bahagi ng isang gayong proyekto sa Haiti, nakatanggap sina Marceus at Emmanuel ng buwanang training at mga support meeting para sa mga mental health provider.

Tungkol sa mga miting na iyon, isinulat ni Marceus, "Talagang nasiyahan ako sa training. Talagang natulungan ako nito, at tinutulungan nito ang aking asawa't mga anak na mapanatag kapag nayayanig ang lupa."

Isinulat ni Emmanuel, "Ikinararangal at ikinasisiya kong … mabigyan ng pagkakataon ang mas maraming tao na malaman ang mga bagay na ito, lalo na sa aking bansa kung saan ako nakatira. Halos lahat ng tao ay nalulungkot at nangangailangan ng maraming tulong sa kalusugan sa pag-iisip."



# Mga Kurso sa Self-Reliance

- 14,186 na self-reliance group
- 106,261 kalahok
- Inialok sa 88 bansa at teritoryo

**TINUTULUNGAN NG MGA KURSO SA SELF-RELIANCE** ang mga miyembro ng Simbahan na matuto ng mga alituntunin at kasanayan na magbibigay sa kanila ng kakayahan sa pagtustos sa sarili nilang mga pangangailangan. Kabilang sa mga kursong ito ang mga paksang tulad ng kung paano maghanap ng trabaho, paano magsimula ng negosyo, paano pangasiwaan ang pananalapi, paano magkaroon ng emosyonal na katatagan, at marami pang iba. Kabilang sa mga klaseng ito ang mga lingguhang reading assignment, talakayan, at check-in kasama ang iba pang mga miyembro ng grupo.

Noong 2022, pinamunuan ng Simbahan ang 14,186 self-reliance group sa 88 bansa sa buong mundo. Ang mga grupong ito ay tumulong sa mahigit 106,261 indibiduwal, at isa sa kanila si Jacquie. Si Jacquie ay isang guro na may negosyong photography sa California. Labis siyang nabalisa at na-stress sa pagbalanse ng tatlong trabaho, isang negosyo, at isang pamilya. Alam ni Jacquie na gusto niyang maging mas mahusay sa pagkontrol sa kanyang damdamin, kaya nagsimula siyang dumalo sa isang emotional resilience course. Matapos makumpleto ang kurso, ibinahagi ni Jacquie na nakadama siya ng bagong pag-asa sa tulong ng iba pang mga kalahok, at nadama niya na mas kaya na niyang harapin ang mga hamon sa buhay.

Naharap si Steve sa gayon ding mga hamon nang mawalan siya ng trabaho habang lulong siya sa isang adiksyon sa mga opioid. Hindi na niya nakayang magtrabaho, kaya namroblema sila ng kanyang pamilya sa pera. Nang muli siyang makapagtrabaho, nagpasiya si Steve at ang kanyang asawa na lumahok sa kursong personal finance. Ang mga kagawiang natutuhan nila sa kurso ay nakatulong kay Steve at sa kanyang asawa na maabot ang kanilang mithiin na maging malaya sa utang. Nakapag-ipon pa sila ng sapat na pera para makabili ng bagong bahay at maging matatag sa pananalapi na kailangan nila para masuportahan ang kanilang pamilya.

### PAGKAKAROON NG MGA KASANAYAN PARA MAKAYANAN ANG MGA HAMON SA BUHAY

Sa Switzerland, nagturo si Kelly at ang kanyang asawang si Maria ng kursong emotional resilience para sa ilang miyembro ng kanilang lokal na kongregasyon. Bagama't nag-alangang lumahok noong una, nakatulong ang kurso para matuto sina Kelly at Maria tungkol sa mga emosyonal na hamon.

Naging kapaki-pakinabang ito nang magsikap silang tulungan ang sarili nilang anak, na nahihirapan noon sa epekto sa damdamin ng attention deficit hyperactivity disorder (ADHD) at depresyon. Mas lumala pa ang sitwasyon nang pagkatapos niyon, naranasan ni Kelly ang kanyang unang anxiety attack.

"Nabalikan ko ang ilan sa mga alituntuning tinalakay namin, tulad ng pagkontrol sa iyong paghinga," sabi ni Kelly. "Sa pag-asa sa Tagapagligtas at sa mga alituntunin ng emosyonal na katatagan, makakagawa ng mga himala ang isang tao."




# Employment Services at Deseret Industries

- **4,127 naitalang job placement**
- **9,186 Deseret Industries associates na natulungan**
- **77,330 nayaring mga muwebles**

**NANINIWALA KAMI NA ANG PAGTULONG** sa mga tao na higit na makaasa sa kanilang sarili ay nagdaragdag sa kakayahan nilang magpasiya para sa kanilang sarili. Ang Employment Services ay nagbibigay ng mga tool at coaching para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na makahanap ng trabaho, magsimula ng mga negosyo, at umunlad sa kanilang propesyon.

Noong 2022, libu-libong naghahanap ng trabaho ang nag-access sa self-help resources at sumali sa amin sa mga grupong nakatuon sa pagdaragdag ng mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho at networking. Sa pamamagitan ng Employment Services, natuto sila ng mga kasanayang tulad ng paano gumawa ng resume, magpainterbyu para sa trabaho, at maghanap ng trabaho. Halimbawa, ang Active Job Search program ay nagsisilbing networking tool para sa mga naghahanap ng bago o mas magandang trabaho. Ang mga nasa program share job ay namumuno, tumatanggap ng suporta, at nagpapraktis ng mga kasanayan sa paghahanap ng trabaho.

Tinutulungan ng Deseret Industries (DI) ang mga miyembro ng Simbahan at iba pa na malampasan ang mga hadlang sa pagkakaroon ng trabaho. Maaaring kabilang sa mga hadlang na ito ang mga pisikal na kapansanan, mga problema sa kalusugang pangkaisipan, mga criminal record, o karanasan sa adiksyon. Ang DI at Deseret Manufacturing ay nagbibigay ng ligtas na lugar para matuto ng mga bagong kasanayan sa pamamagitan ng on-the-job training, na nagtutulot sa mga associate na matutuhan ang lahat ng bagay mula sa register operation at inventory display hanggang sa pagpapaandar ng forklift at paggawa ng muwebles.

Bukod pa sa training sa mga kasanayan, suportado ng mga development counselor ang mga associate, na tumutulong sa kanila na magtakda ng mga mithiin at bumuo ng plano para makamit ang mga mithiing iyon. Ang DI ay naglalaan din ng tulong pinansyal para sa edukasyon at training. Ang mga DI associate na handang maghanap ng bagong trabaho ay may access sa iba pang mga aspekto ng employment support, pati na sa anim-na-linggong job-search skills workshop at personalized one-on-one coaching.

Sinusuportahan ng DI ang komunidad sa pamamagitan ng paglalaan ng mga pangangailangan sa presyong abot-kaya. Ang mga miyembro ng Simbahan na nangangailangan ay maaari ding kumuha ng mga kinakailangang bagay tulad ng sapatos, damit, muwebles, at iba pang mahahalagang bagay nang walang bayad, nang may referral mula sa kanilang bishop. Nag-aambag pa ang DI sa mga lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga grant na nagtutulot sa mga aprubadong nonprofit group na makakuha ng mga libreng produkto para magamit sa kanilang lugar. Ang DI ang nangasiwa sa 12,954 sa mga grant na ito noong 2022.

*"Bago natin maaaring tunay na mahalin ang Diyos at ang ating kapwa, kailangan muna nating madama ang pagmamahal ng Diyos para sa atin bilang Kanyang mga anak. Kapag nadarama natin ang pagmamahal ng Diyos para sa atin, hinahangad din nating mahalin Siya."*

—SISTER KRISTIN M. YEE
Second Counselor sa Relief Society General Presidency[24]

Ang thrift store at community donation model ng DI ay nagtutulot sa atin na patuloy na makakuha ng milyun-milyong libra ng mga produkto mula sa mga landfill bawat taon. Ang mga bagay na hindi maibebenta ay nire-recycle, at noong 2022 lamang, nagawang i-recycle ng DI ang 73,019,376 libra ng donasyong mga item sa halip na ipadala ang mga iyon sa landfill.

Sa pamamagitan ng mga thrift store, manufacturing facility, at donation center nito, ang DI—sa pinakasentro nito—ay isang job-training program na binuo para bigyang-kakayahan ang mga tao at dagdagan ang kanilang mga oportunidad. Kasalukuyang pinatatakbo ng Simbahan ang 46 na thrift store at donation center ng DI sa walong estado. Noong 2022, ang pinakabagong DI store—na nasa Saratoga Springs, Utah—ay inilaan at binuksan para mapatakbo.







### PAGHAHANAP NG TRABAHO SA PAMAMAGITAN NG COACHING

Nang mawalan ng trabaho si Dustin pagkaraan ng ilang taon sa kanyang kumpanya, hindi siya sigurado kung saan niya sisimulan ang paghahanap ng bagong trabaho. Hinikayat siya ng kanyang kapatid na babae na sumali sa isang aktibong job-search group, at nagbigay-diin na umubra ang programa sa mga taong nagsikap.

Nakakita ng isang grupo si Dustin sa kanyang lugar at nagsimulang pag-aralan ang mga paraan na mas makakahanap siya ng trabaho. Sa mga lingguhang pagkikipag-usap sa mga coach, gumawa siya ng resume, naghanda at nagpraktis para sa mga interbyu, at nag-ukol ng oras sa networking.

Pagkaraan ng ilang linggo, nakahanap ng trabaho si Dustin matapos kumonekta sa isang dating empleyado. "Kung hindi dahil sa coaching, at kung hindi ako humingi ng tulong, malamang na hindi ako nakakuha sa trabaho," sabi ni Dustin.[25]



# Transitional Services

- **7,464 na indibiduwal na natulungan**
- **Mahigit 31,870 oras ng paglilingkod ng mga boluntaryo**

**KUNG MINSA'Y KAILANGAN NG MGA TAO NG SUPORTA** habang nakikisalamuha sila sa kanilang komunidad. Maaaring kabilang dito ang mga taong nakalaya sa kulungan, nawalan ng tirahan, o nagpapagaling mula sa pagdodroga, gayundin ang mga beterano o indibiduwal na nandayuhan o tumakas kamakailan mula sa kanilang sariling bansa. Ang Transitional Services ay nagbibigay ng suporta sa mga indibiduwal na ito—kapwa sa mga miyembro ng Simbahan at sa mga nasa komunidad—sa pagsisimula nila sa bagong kabanata ng kanilang buhay.

Ang Transitional Services ay nakatuon sa isang holistic approach sa self-reliance, at ang mga kawani ay nakikipagtulungan sa kanilang mga kliyente para malutas ang mga pangunahing isyu at magbigay ng emosyonal na suporta. Ang Transitional Services ay pinatatakbo sa pitong lokasyon sa Estados Unidos, nag-aalok ng temporal, mental, at espirituwal na tulong. Ang mga kliyente ay nakatatanggap ng tulong mula sa iba't ibang empleyado ng Transitional Services, service missionary, at boluntaryo—kabilang na sa mga lokal na miyembro ng Simbahan.

Sa paglipas ng panahon, maaaring i-refer ang mga indibiduwal sa mga karagdagang support organization, tulad ng Employment Services o Deseret Industries. Maaari din silang i-refer sa iba pang mga nonprofit agency, mental health unit, o organisasyon ng komunidad na tutulong sa kanila sa kanilang pangmatagalang paglalakbay tungo sa pagkakaroon ng pag-asa sa sarili.

Ang mga tinutulungan ay binibigyan din ng pagkakataong maglingkod sa iba, na nagpapaibayo sa kanilang pakiramdam ng kagalingan kapag nakikita nila ang kahalagahang idinaragdag nila sa buhay ng iba.

## PAGTANGGAP NG TULONG PARA MAKAPAGSIMULANG MULI

Pagkaraan ng maraming taon ng paghihirap sa high-functioning schizophrenia at paulit-ulit na kawalan ng tirahan, nagdesisyon si Kitty* na magsimula ng bagong buhay sa Utah, at ginawa ang kanyang mahabang paglalakbay sa paglalakad. Pagdating niya roon, tinulungan siya ng mga kaibigang wala ring tirahan na pumunta sa Transitional Services office.

Binigyan siya ng mga tauhan sa kanyang lokal na Transitional Services office ng pagkain, damit, at iba pang mga pangangailangan, pero napansin nila na ang kailangang-kailangan ni Kitty noon ay pakikipagkaibigan at pagmamahal. Tinulungan nila siyang magboluntaryo ng kanyang oras sa Deseret Industries kung saan siya nagsimulang makipagkaibigan. Unti-unti, nabawasan ang galit at pag-abandona na nadarama niya.

Pagkaraan ng kaunting panahon, nagpasiya si Kitty na komportable na siya para subukang maghanap ng trabaho. Ikinonekta siya ng kanyang Transitional Services office sa Employment Services, kung saan siya nakatanggap ng tulong sa paggawa ng resume. Ito ay nakatulong sa kanya na mas tumayo sa kanyang sariling mga paa at umasa sa kanyang sarili.

**Binago ang pangalan*

# Ano ang Magagawa Ko?

"Kapag abala tayo sa paglilingkod sa iba, hindi natin gaanong naiisip ang ating sarili, at mas mabilis na sumasaatin ang Espiritu Santo at tinutulungan tayo sa habambuhay nating pagsisikap na [maigawad] sa atin ang kaloob na pag-ibig sa kapwa-tao.

—PANGULONG HENRY B. EYRING, PANGALAWANG TAGAPAYO SA UNANG PANGULUHAN[26]





# Paglilingkod sa Inyong Komunidad

**KUNG NAHIHIKAYAT KANG MAGLINGKOD,** makakatulong sa iyo ang sumusunod na mga hakbang para makagawa ng pinakamalaking epekto para sa **4:**





**1. Tumukoy ng Isang Pangangailangan**
Ang pinakamainam na paraan para makapagsimula ay tumingin sa paligid mo at tukuyin ang mga pangangailangan sa iyong komunidad.

- Unahin ang pinakamalalaking pangangailangan sa loob ng saklaw ng iyong impluwensya.
- Hanapin at alamin ang tungkol sa mga lokal na organisasyon at proyekto.
- Bagama't ang paglilingkod ay palaging nagpapakita ng pagmamahal ng Diyos sa iba, hindi ito dapat gawin nang may hangaring ipilit ang mga personal na paniniwala mo sa iba. Ipakita ito sa iyong mabubuting gawa.

*"Maraming beses, ang ginagawa natin ay hindi nakikita o nalalaman ng iba. Gayunman, alam ng Diyos, at pinagpapala Niya tayo kapag naglilingkod tayo sa tahimik at lihim na mga paraan."*

—PRESIDENT SUSAN H. PORTER
Primary General President[27]

### 2. Makinig at Matuto

Maglaan ng kaunting oras na makinig sa mga indibiduwal na pinaka-apektado ng isyu. Ang pakikinig at paghahangad na maunawaan ang mga hadlang na kinakaharap ng mga nasa paligid natin ay nagtuturo sa atin kung paano magbigay ng makabuluhang tulong.

- Kausapin ang mga indibiduwal na parang kaibigan at kapantay. Tingnan ang mga tao sa mata, tawagin sila sa kanilang pangalan, mag-alok ng tulong.
- Pagdudahan ang iyong mga palagay, isantabi ang mga maling palagay, at hangaring tunay na makaunawa.
- Unahin ang mga relasyon sa halip na ang anumang pagkakaiba sa opinyon.

### 3. Magplano

Ang pinaka-epektibong tulong pangkawanggawa ay kinabibilangan ng mga indibiduwal at komunidad habang nagpaplano ka ng mga solusyon na tumutugon sa mga agarang pangangailangan at nagbibigay ng landas para makaasa sa sarili.

- Igalang ang mga kagustuhan, paniniwala, at kaugalian ng mga taong hangad mong tulungan.
- Anyayahan ang mga pinaglilingkuran mo na tumulong sa pagbubuo ng plano sa pamamagitan ng pagtatanong ng katulad ng mga ito:

  *Ano na ang nasubukan mong gawin para matugunan ang pangangailangang ito?*

  *Ano ang gusto mong subukan?*

  *Paano, kailan, at saan mo gustong makatanggap ng tulong?*

### Ibahagi ang Iyong mga Karanasan

Ibinabahagi natin ang ating mga karanasan para anyayahan at bigyang-inspirasyon ang iba na kumilos. Ang pagkakaroon ng mga pagkakataong kilalanin, ibahagi, at ipagdiwang ang matagumpay na mga paglilingkod ay naghihikayat sa mga tinutulungan mo at naghihikayat sa mas maraming tao na maglingkod.

- Kausapin ang mga kaibigan at kapamilya tungkol sa iyong pagkakawanggawa. Anyayahan silang sumama sa iyo.
- Sa iyong mga social media page, magbahagi ng mga kuwento tungkol sa mga pagpapala ng paglilingkod na nakita mo—kapwa sa buhay mo at ng mga napaglingkuran mo.
- Kumonekta sa mga social media page ng mga nonprofit organization na nakipagtulungan ka sa inyong komunidad. Ibahagi sa kanila ang iyong mga positibong karanasan.




# Resources para Malaman ang Iba pa

**Para makakuha ng iba pang impormasyon** tungkol sa aming pagkakawanggawa sa buong mundo at makilahok sa inyong komunidad, i-follow kami sa:

**@Caring.ChurchofJesusChrist**
**@DeseretIndustriesThrift**
**@JustServe.org**

**@Caring.ChurchofJesusChrist**
**@DeseretIndustries**
**@Just_Serve**

---

**Gamitin ang code** sa kaliwa para i-download ang JustServe app at magsimulang tumulong sa isang lokal na service project sa inyong lugar.

---

# Para malaman ang iba pa, i-follow kami sa:

ChurchofJesusChrist.org | Caring.ChurchofJesusChrist.org | JustServe.org | DeseretIndustries.org | AddictionRecovery.ChurchofJesusChrist.org

# Mga Reperensya


1. Russell M. Nelson, "Ang Ating mga Natututuhan at Hindi Malilimutan Kailanman," *Liahona*, Mayo 2021, 79.
2. Kym Reichart, in "Places of Refuge from the Storm," news-uk.churchofjesuschrist.org/article/places-of-refuge-from-the-storm.
3. L. Todd Budge, "Pagbibigay ng Kabanalan sa Panginoon," *Liahona*, Nob. 2021, 101.
4. Christina Foote, sa "Latter-day Saints in Europe Receive Blessings through Blessing Others," news-uk.churchofjesuschrist.org/article/latter-day-saints-in-europe-receive-blessings-through-blessing-others.
5. Russell M. Nelson, "Ngayon ang Panahon," *Liahona*, Mayo 2022, 126.
6. Julia Wondra, sa "How the Church, its Leaders and Members in Europe Are Providing Aid and Relief in the Humanitarian Crisis Caused by Armed Conflict," thechurchnews.com/2022/3/6/23216823/how-the-church-its-leaders-members-in-europe-are-providing-aid-and-relief.
7. Sylwia Selewska, sa "As Conflict in Europe Enters a Fourth Month, the Saints Continue to Serve Refugees," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/poland-ukraine-refugees-four-months.
8. Hana Debebe Hailu, sa "The Fruits of Service: Latter-day Saint Youth in Ethiopia Plant 200 Fruit Trees," thechurchnews.com/global/2022/10/5/23386120/ethiopia-youth-plant-200-fruit-trees.
9. Dallin H. Oaks, "Pagtulong sa mga Maralita at Naghihirap," *Liahona*, Nob. 2022, 7.
10. Gérald Caussé, "The Blessings Will Follow: Benefits of Implementing JustServe," churchofjesuschrist.org/study/video/justserve-videos/2020-10-0100-the-blessings-will-follow-benefits-of-implementing-just-serve-1080p?lang=eng.
11. Patti Evershed Peterson, sa "How Service Became the Silver Lining in a Terminal Cancer Trial," thechurchnews.com/2022/1/30/23218832/cancer-service-justserve-festival-of-trees-patti-peterson.
12. Len Gierach, sa "Latter-day Saints Join World Interfaith Harmony Week Celebrations," news-ca.churchofjesuschrist.org/article/latter-day-saints-join-world-interfaith-harmony-week-celebrations.
13. Dohad Mohamad Alsholbi, sa "How Bees and Goats Are Changing Lives in Jordan," news-middleeast.churchofjesuschrist.org/article/how-bees-and-goats-are-changing-lives-in-jordan.
14. Rachel Steinberg, sa "Light the World Giving Machines in 2021 Yielded Nearly US$6 Million in Donations," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/giving-machines-2021.
15. Camille N. Johnson, sa "Church Gives $32 million to World Food Programme in Largest One-Time Donation to Date," thechurchnews.com/global/2022/9/14/23353487/church-gives-32-million-dollars-to-world-food-programme-largest-one-time-donation-to-date.
16. Ginette Bott, sa "Silicon Slopes Packages 1 Million Meals for Utah Food Bank," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/million-meals.
17. Oscar Ayala, sa "La Iglesia de Jesucristo dona equipo medico a clínica del ojo en Jutiapa, Honduras," noticias.laiglesiadejesucristo.org/articulo/la-iglesia-de-jesucristo-dona-equipo-medico-a-clinica-del-ojo-en-jutiapa-honduras.
18. W. Christopher Waddell, "May Pagkain," *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2020, 44.
19. L. Todd Budge, "The Divine Gift of Creation: Our Sacred Duty to Care for the Earth," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/bishop-l-todd-budge-sacred-duty-care-for-earth.
20. Gérald Caussé, "Ang Ating Tungkuling Pangalagaan ang Mundo," *Liahona*, Nob. 2022, 57.
21. Russell M. Nelson, "Ang Likha," *Ensign*, Mayo 2000, 86; *Liahona*, Hulyo 2000, 104.
22. Edna Mafuvuke, sa "By Small and Simple Things," blog.pathwaynewsroom.org/2022/03/edna-mafavuke/.
23. Michael Parson, sa "Food Donations for Local Charities Received by Missouri Governor," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/food-donations-for-local-charities-received-by-missouri-governor.
24. Kristin M. Yee, sa "New Deseret Industries, Welfare, and Self-Reliance Services Facility Dedicated in Utah," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/new-deseret-industries-welfare-self-reliance-services-facility-dedicated-in-utah.
25. Dustin Ray, sa "How Church Employment Services Helps People Find Jobs and a Connection to the Savior," thechurchnews.com/2022/2/25/23216701/church-employment-services-helps-unemployed-people-find-jobs-self-reliance-connection-to-savior.
26. Henry B. Eyring, "Inspiradong Pagmiministeryo," *Ensign* o *Liahona*, Mayo 2018, 64.
27. Susan H. Porter, sa "Presidents Johnson and Porter Meet with Government Leaders on Women's Issues in South America," newsroom.churchofjesuschrist.org/article/presidents-johnson-and-porter-meet-with-government-leaders-on-womens-issues-in-south-america.
28. Russell M. Nelson, "Ang Ikalawang Dakilang Kautusan," *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2019, 97.

*"Sila na nahahandang tawaging mga tao ng Panginoon ay 'nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, … makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; … at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw.' "*

—PANGULONG RUSSELL M. NELSON
Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw[28]

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 10/22. Pagsasalin ng *Welfare 2022 Annual Report*. Tagalog. PD80009154 893. Inilimbag sa Pilipinas